# *Modyul 20*

# *Mga Pangungusap na Nagpapakilala ng Alternatibong Solusyon- Pabuod at Pasaklaw*

# *Tekstong Argumentativ at Informativ*



## *Tungkol saan ang modyul na ito?*

Ang modyul na ito ay tungkol sa;


- pangungusap na nagpapakilala ng alternativ na solusyon
- pangungusap na pabuod at pasaklaw
- pagtukoy kung ang teksto ay argumentativ at informativ
- paglikha ng bagong salita mula sa dalawang salitang pinaikli at pinagsama
- pagbibigay – kahulugan ng mga piling pahayag / parirala batay sa konteksto ng pagkakagamit nito
- pagbuo ng kaakit–akit na simula at wakas ng isang akda



## *Ano ang matututunan mo?*

Matapos mong mapag-aralan ang modyul na ito, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan.

1. nakabubuo ng mga salita /pahayag na nagpapakilala ng alternativ na solusyon
2. nakabubuo ng mga pangungusap na pabuod at pasaklaw
3. natutukoy kung ang teksto ay argumentativ at informativ
4. nakalilikha ng bagong salita mula sa salitang pinaikli at pinagsama
5. nabibigyang – kahulugan ang mga piling pahayag / parirala batay sa konteksto ng pagkakagamit nito
6. nakabubuo ng kaakit–akit na simula at makabuluhang wakas



## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Ngayong hawak mo ang modyul na ito, gawin ang mga sumusunod;

1. Kung may malabong panuto o anumang bahagi ng modyul, magtanong sa iyong guro o kung sinumang may ganap na kaalaman.
2. Isulat sa hiwalay na papel ang iyong mga sagot sa mga pagsusulit at iba pang gawain. Huwag itutupi ang mga pahina ng modyul dahil gagamitin pa ito ng iba.

3. Itala ang mahahalagang impormasyon at kaisipan sa isang hiwalay na kuwaderno.
4. Basahing mabuti ang mga babasahin o teksto. Malaking tulong ito upang makamit ang mataas na antas ng kaalaman.
5. Ang mga tamang sagot (answer key) sa panimula at pangwakas na pagsusulit ay kukunin sa guro pagkatapos mong masagutan ang mga aytem.



## *Ano na ba ang alam mo?*

A. **Pangungusap na nagpapakilala ng alternativ na solusyon.**

A1. Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang letra ng alternativ na solusyon na maaring gamitin upang mabigyang–solusyon ang sumusunod na mga pahayag.

1. Unti-unti nang nawawala ang ating pagpapahalaga sa mga dakilang Asyano na naging dahilan ng tinatamasa nating kalayaan.
2. Maraming dakilang Asyano ang kailanman ay di nabigyang-halaga o naparangalan man lamang.
3. Ang diwa ng kabayanihan ni Rizal ay waring nalibing na sa limot.
4. Maraming tulang isinulat si Rizal na hanggang sa kasalukuyan ay di pa nababasa ng bagong henerasyon.
5. Dahil nabuhay nang mahirap at namatay na mahirap, hindi kinilalang pambansang bayani si Bonifacio.

a. Makabubuti siguro na itanim natin sa isipan ng ating kapwa Pilipino na ang tao kahit mahirap ay dapat dakilain dahil sa mabubuti niyang gawa.
b. Higit na mainam kung ilalathala sa malaganap na babasahin ang mga panitikang Pilipino na isinulat ng mga dakilang Asyano.
c. Kailangang ipagdiwang ng buong sambayanang Pilipino ang kapanganakan ni Rizal at makabubuting gunitain natin sa tuwi-tuwina ang kanyang kamatayan.
d. Makatutulong nang malaki upang maparangalan nang buong sambayanan ang mga bayaning Pilipino kung tatalakayin sa telebisyon, radyo at sa paaralan ang kanilang kabayanihan at kadakilaan.
e. Ganito ang dapat gawin upang manatili sa isip ng bawat Asyano ang kadakilaan ng kanilang kabayanihan; ang gunitain ang araw ng kanilang kapanganakan at kamatayan.

A.2. Panuto: Piliin sa mga pahayag sa loob ng kahon sa dakong itaas ang mga salitang ginamit sa pagbibigay ng alternativ na solusyon.

A.2.1 ______________________________________________

______________________________________________

2.2 ______________________________________________

______________________________________________

2.3 ______________________________________________

2.4 ____________________________________________

2.5 ____________________________________________

**B. Pagtukoy sa mga pabuod at pasaklaw na pangungusap.**

Panuto: Ikulong sa kahon ( □ ) ang bilang ng pabuod na pangungusap at ( ○ ) ang bilang ng pasaklaw na pangungusap.

1. Maliit pa lamang ay rebelde na si Xanana Gusmao ng East Timor.
2. Pagsapit ng taong 1981, Si Gusmao na ang naging pinuno ng mga rebeldeng gerilya sa East Timor.
3. Si Dr. Sun Yat Sen ay isa sa maimpluwensiyang pinuno sa Tsina.
4. Pinag-isa ni Dr. Sun Yat Sen ang mga mamamayan sa Tsina sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa mga "panginoong may lupa" na tulungan ang mahihirap na magsasakang Tsino.
5. Sa gulang na labingwalo, ang rebolusyon ng 1911 ay nag-iwan kay Mao Zedong ng hindi malilimutang alaala.

B. **1. Pagtukoy sa tekstong argumentativ.**

Panuto: Lagyan ng tsek (√ ) ang bilang ng pahayag na nagpapahayag ng argumento.

1. Maging si Dr. Jose Rizal ay nagdududa na si Luna ay kumikiling sa adhikaing maka - Espanyol dahil sa hindi niya pagguhit ng mga paksang laban sa mga ito.
2. Nagbitiw si Dr. Sun Yat Sen bilang pangulo ng Republika ng Tsina noong Pebrero 12, 1912 alang-alang sa pambansang pagkakaisa.
3. Dahil sa ginawang pagbibitiw ni Dr. Sun Yat Sen sa pagka-pangulo, karapat-dapat nga kaya siya sa mataas na pagpapahalaga ng pagkilala hindi lamang ng mga Tsinso, kundi ng buong daigdig?
4. Para sa mga Tsino, isang bayani at hindi masamang pinuno si Mao Zedong kahit pa maraming pinsalang idinulot sa kanilang buhay ang kanyang pamamahala.
5. Sa pagnanais ni Pangulong Marcos na mabigyan niya ng matatag na kabuhayan ang bansa, nakipag-ugnayan ang kanyang administrasyon di lamang sa mga bansang demokratiko kundi pati na rin sa mga komunistang bansa tulad ng Tsina at Unyong Sobyet.

C. **2. Pagtukoy sa tekstong informativ.**

Panuto: Bilugan ang bilang ng pahayag na nagbibigay ng impormasyon.

1. Nahahati sa tatlong panahon ang ebolusyon o pag-unlad ng kultura at kabihasnan ng tao noong sinaunang panahon, Paleolitiko, Neolitiko at Metal.
2. Kinikilala ang lambak sa pagitan ng mga Ilog Tigris at Eupharates sa Mesopotomia bilang isa sa nagluwal ng unang sibilisasyon sa Asya.
3. Tinatawag na Mangyan ang pitong pangkat ng mga katutubo na matatagpuan sa kabundukan ng Mindoro, ang ikapitong pinakamalaking pulo sa Pilipinas.
4. Ang pamahalaang awtoritaryanismo ay isang uri ng pamahalaan na kung saan taglay ng pinuno ang lubos na kapangyarihan na walang pagtutol na sumusunod ang mga mamamayan.
5. Nagsimula ang Budismo noong ikaanim na siglo.

## D. Talasalitaan

**d. 1. Paglikha ng bagong salita mula sa dalawang salitang pinaikli at pinagsama.**

Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang letra ng salitang nabuo mula sa dalawang salitang pinagsama o pinaikli.

1.1. Ang mga Tsinoy ay mga mamamayang nagmula sa mga magulang na Tsino at Pilipino. Ang Tsinoy ay nagmula sa mga salitang ____________.
1.2. Dinarayo ng mga Amerisian ang Olongapo dahil sa kagandahan ng lungsod na ito. Ang Amerisians ay mula sa mga salitang ____________.
1.3. Makikita sa mga karinderyang Pilipino ang TAPSILOG bilang isang menu pang-almusal.
1.4. Sa mga Family Planning sa Pilipinas, ipinakikita kung paano dumadaloy ang punlay ng buhay sa sinapupunan ng isang babae.
1.5 Pinalalaganap ngayon sa mga Paaralang Asyano ang kahalagahan ng siyasik sa larangan ng agham. Sa anong dalawang salita nagmula ang "siyasik"? _____________

| | |
|---|---|
| a. siyasat at saliksik | d. Amerikano At Asyano |
| b. punlay | e. Tsino at Pinoy |
| c. tapa, sinangag at itlog | |

**D.2. Pagbibigay – kahulugan sa mga piling pahayag / parirala.**

Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang letra ng pahayag na nagbibigay–kahulugan sa mga piling pahayag / parirala na may salungguhit sa loob ng pangungusap.

2.1. Sa kabila ng maraming paratang sa paglabag sa karapatang pantao, <u>may bighani pa rin sa puso ng mga Tsino</u> ang pangalan ni Mao Zedong ng Tsina.
2.2. <u>Kamay na bakal</u> ang ginamit ng Pangulong Marcos sa kaniyang pamamahala sa Pilipinas.
2.3. Sa kulturang Asyano, magulang lamang ang <u>may boses sa tahanan.</u>
2.4. Dahil sa labis na pagpapalayaw sa mga anak na Tsino, pinangangambahan ng mga "psychologist" na ang mga ito ay magiging "<u>munting emperador.</u>"
2.5. Sina Juan Luna at Felix Resurrecion Hidalgo, mga kilalang pintor na Pilipino ay dumaan sa <u>matinik na landas ng sining.</u>

| | |
|---|---|
| a. mahigpit, walang awa | d. makapangyarihan |
| b. puno ng hirap at pagsubok | e. palaaway |
| c. lagi nang masusunod | f. minamahal |

D. **Pagtukoy sa Layunin ng may-akda sa pagsulat ng teksto.**

Panuto: Piliin ang letra ng pahayag na nagsasaad ng layunin ng may-akda sa pagsulat ng teksto.

1. "Nadarama ko ang himig ng pagkakaisang-dibdib, ang bigkis na ginto ng mabuting pagsasamahan ay nagpupukol ng liwanag sa lahat ng dako."
2. "Palibhasa'y matatapat kayo, kung kaya ang hinahanap ninyo'y katapatan lamang."
3. "Ang ningning nina Juan Luna at Resureccion Hidalgo ay tumatanglaw sa magkabilang dulo ng daigdig, sa Silangan at Kanluran. Sa Espanya at Pilipinas.
4. "Ngunit limutin na natin ang mga kadalamhatiang ito. Hayaan na nating matahimik ang mga patay. Huwag na nating sariwain ang malulungkot nilang alaala.
5. "Ano ang halaga ng isang pirasong telang pula at puti, ano ang halaga ng mga kanyon at mga baril, doon sa di sibulan ng damdamin at pagmamahal – doon sa walang pagkakaisa ng mga kaisipan, walang pagkakatugunan ng mga kuru-kuro!

*a. Nilalayon ng may-akda na maipakita sa atin ang kahalagahan ng mabuhay sa kasalukuyan at limutin na natin ang malulungkot na alaala ng nakaraan.*
*b. Nais ng may-akda na patunayan na higit na mahalaga ang pagkakaisa sa ano pa mang bagay.*
*c. Pinatutunayan ng may-akda na ang mabuting pagsasamahan ay nagdudulot ng kaunlaran.*
*d. Ang katapatan ay naghahanap ng kapwa katapatan, ito ang nais patunayan ng may-akda.*
*e. Ang mabuting tao ay nagsasabog ng kabutihan sa lahat ng dako ng mundo, ito ang nais patunayan ng may-akda*

E. **Pagbuo ng magandang simula at makabuluhang wakas.**

Panuto: Isulat ang **T** kung ang pahayag ay tama at **M** kung mali.

______ 1..Dapat na maging kaakit-akit ang simula.
______ 2. Sa simula pa lamang, dapat nang maipakita ang paksa.
______ 3. Sa simula pa lamang., dapat nang makilala ang pangunahing tauhan.
______4. Dapat na hindi maligoy ang wakas.
______ 5. Dapat na mag-iwan ng iisang kakintalan sa isip ng mga mambabasa ang wakas.

# Mga Gawain sa Pagkatuto

Sub – Aralin 1


A. Pagbuo ng mga salita / pangungusap na nagpapakilala ng alternativ na solusyon
B. Pagbuo ng mga pangungusap na pabuod at pasaklaw

## Layunin

1. Nakabubuo / nakagagamit ng mga salita / pangungusap na nagpapakilala ng alternativ na solusyon
2. Nakikilala at nakabubuo ng mga pangungusap na pabuod at pasaklaw

## Alamin

Ang Pilipinas sa kasalukuyan ay humaharap sa napakabigat na problema ng kahirapan.  At ang kahirapang ito ay nag-ugat sa tatlong pangunahing problema tulad ng mga sumusunod.




Sa pinakahuling survey ng Pulse Asia, lumabas na ang tatlong pangunahing problema ng mga Pilipino ngayon ay ang kalusugan, edukasyon at trabaho.

Unang-una sa mga Pilipino ang kanilang kalusugan, pati na ng kanilang mga kaanak. Tama ang ads ni Sen. Juan Flavier ,” Bawal ang magkasakit ngayon.”

Pangalawang isyu para sa mga Pinoy ay ang edukasyon.  Gusto ng nakararaming Pilipino na sila o di kaya’y ang kanilang mga anak ay makapagtapos ng kolehiyo.  Ito’y isang pangarap lalo na ngayong ang hirap makahanap ng trabaho.

Pangatlo ay ang isyu ng trabaho.  Hindi lang basta trabaho, kundi trabaho na may magandang sweldo.  Paano ka nga naman liligaya sa isang trabaho kung kakarampot lang ang naiuuwi mo sa iyong pamilya?

*Hango sa Bulgar*

Sagutin

1. Anu-ano ang mga suliraning binanggit sa teksto?
2. Bilang isang kabataang mag-aaral, paano mo bibigyang solusyon ang mga nabanggit na problema?
3. Ibigay mo ang iyong reaksyon sa sumusunod na argumento na hinango sa teksto;
    a. "Ang pagtatapos ng anak sa pag-aaral sa kolehiyo ay isa na lamang pangarap."
    b. "Paano ka nga naman liligaya sa isang trabahong ang sweldo ay kakarampot."
    c. "Bawal ang magkasakit ngayon."

Kung ikaw ang sasagot sa sumusunod na mga tanong, alin ang iyong magiging sagot?

Panuto: Piliin ang letra ng tamang sagot. Kumuha ng sagutang papel.

1. Ang mga suliraning binanggit sa teksto ay;
    a. terorismo, droga, kahirapan
    b. kalusugan, edukasyon, trabaho
    c. baha, pabahay, karunungan
    d. nasyonalismo, agrikultura, pamahalaan

2. Bilang isang mag-aaral ang mga alternatibong solusyong ibibigay ko sa mga sumusunod na problema ay ang mga sumusunod.

    A. Para sa kalusugan
    1 Makabubuti siguro na kumain ako ng prutas at gulay upang makaiwas sa sakit.
    2. Higit mainam kung iinom ako ng mga gamot laban sa sakit kahit hindi inirereseta ng doktor.

    B. Para sa edukasyon
    1 Ganito ang dapat kong gawin kung hindi man ako makapag-aral sa kolehiyo, mag-aaral ako ng kursong bokasyonal upang madali akong makakita ng trabaho.
    2. Dapat na siguro akong tumigil sa pag-aaral dahil hindi rin naman ako makapagkokolehiyo.

    C. Para sa trabaho
    1. Para makakita ako ng matatag na trabaho, kailangang pasukan ko kahit na anong uri ng trabaho kahit pa ito ay masama.
    2. Makabubuting hindi tayo mamimili ng uri ng trabahong ating papasukan, basta marangal ay pasukin natin.

3. Reaksyon ko sa mga sumusunod na argumento;
    A "Ang pagtatapos sa pag-aaral sa kolehiyo ay isang pangarap na lamang."
    a. 1. Kung magsisikap lamang ang tao, makatatapos siya ng pag-aaral.
    a. 2. Kung magiging makatotohanan lamang sana tayo, makabubuting tanggapin natin ang katotohanan na ang pag-aaral sa kolehiyo ay para lamang sa mga may pera.

    B. "Paano ka liligaya sa isang trabaho na ang sweldo ay kakarampot?"
    a. Sa halip na magreklamo, makatutulong siguro kung magsisikap na mapagkasya ang maliit na sweldo dahil mabuti nga kahit maliit ang sweldo ay may trabaho.
    b. Aalis na lamang ako sa trabaho dahil maliit ang sweldo. Maghahanap na lamang ako ng iba.

4. “Bawal magkasakit.”
   a. Kahit anong pangangalaga ang gawin sa katawan, makabubuting tanggapin natin ang katotohanan tayo ay magkakasakit.”
   b. Upang makaiwas sa sakit, ang una nating dapat gawin ay mag-ingat tayo at kumain ng wastong pagkain.

   Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

## Linangin

> Ang mga salita / pangungusap na nagpapakilala ng alternatibong solusyon ay sasagot sa tanong na paano mabibigyang solusyon ang isang suliranin. Nagbibigay ito ng mungkahi o pahiwatig na gawin ang isang tiyak na hakbang kapalit ng isa pa.
> Ang mga salita / parirala na ginagamit sa pagbibigay ng alternatibong solusyon ay; *makabubuti siguro, higit na mainam, kung, ganito ang dapat gawin, kailangan, dapat, una mong dapat gawin, makabubuting, makatutulong nang malaki* at *dapat ay ganito…*

Panuto: Basahin nang tahimik at unawain ang sumusunod na teksto. Pagkatapos ay ilahad ang mga suliraning binanggit dito at ang mga alternatibong solusyong ibinigay upang mabigyang solusyon ang mga ito.

### Ahimsa: Mapayapang Laban ni Gandhi

“Ang kapayapaan ay pinakamalakas na pwersa na magagamit ng sangkatauhan. Higit na makapangyarihan ito kaysa sandata ng pagpuksa na nilikha ng katalinuhan ng tao.”

Sa ganito nakilala ng mundo si Mohandas Karamchand Gandhi. Nakilala si Gandhi na tinawag ding Mahatma o “Dakilang Buhay”sa kanyang paninindigan na huwag gumamit ng karahasan sa pagsulong ng kanyang ipinaglaban.

Itinaguyod ni Gandhi ang pakikipaglaban sa karapatan ng mga naapi at mga minoryang pangkat, kalaunan, pinangunahan din niya ang pakikipaglaban upang makamit ang kalayaan ng bansang India mula sa Britanya. Pinaunlad at isinulong niya ang kredo ng mapayapang pagtutol. Ipinaglaban din ni Gandhi ang mapayapang pamumuhay ng iba’t ibang relihiyon.

**Tagumpay ng Kapayapaan**

Pinatunayan ni Gandhi na maaaring magtagumpay sa pakikipaglaban nang hindi gumagamit ng karahasan. Nagtagumpay si Gandhi na makamit ang kalayaan ng India mula sa Britanya sa mapayapang paraan.

Para kay Gandhi, “mabubulag ang buong mundo kung susundin ang batas ng mata sa mata.” Nang dahil sa mapayapang pakikipaglaban ni Gandhi, nawala sa kamay ng Britanya ang pinakamalaking imperyo sa daigdig sa gitna ng ika-20 siglo − ang India, ang pinakamalaking kolonya nito. Nahirapan ng mga Ingles na harapin ang isang kalaban na hindi gumagamit ng karahasan. Kung kanilang gagalawin si Gandhi, hindi lamang ang India ang kanilang magiging kaaway kundi maging ang lahat ng tao sa mundo na nagmamasid sa kaganapan sa India. − Dahil dito inisip ng mga kalaban na makabubuti siguro kung hindi nila gagalawin si Gandhi.

**Kapangyarihan ng Ahimsa**

Tinuruan ni Gandhi ang mga tao ng isang tahimik at marangal na pagtutol. Hinimok ni Gandhi ang kanyang tagasunod na sunugin ang lahat ng damit nilang gawa sa Britanya at hiningi niya sa kanilang huwag bumili ng mga damit na ito. Sumunod ang maraming tao kay Gandhi. Nagkaroon ng boykot ng mga produkto ng Britanya. Ang pag-boykot ng mga taga-India sa mga produkto ng Britanya ay nakasama sa kanilang ekonomiya. Naisip nila na ganito ang dapat gawin, ang "Kaibiganing muli ang mga Indian."

Nanawagan din si Gandhi na magkaroon ng isang pambansang welga. Sa loob ng isang araw, huminto ang lahat sa India. Dito napatunayan ang kapangyarihan ni Gandhi sa India. Bilang protesta rin sa buwis sa asin, nagmartsa si Gandhi ng 200 kilometro patungo sa dagat. Para kay Gandhi, ang pangingibabaw ng Ingles sa industriya ng asin ay isa sa pangunahing dahilan ng pagsakop ng Britanya sa India. Kailangang matigil ang kanilang masamang gawain. Sa simula iilan lamang ang kasama nito sa martsa ngunit ng lumaon, libu-libong tao na ang sumama kay Gandhi. Inutusan ni Gandhi ang lahat na dumakot ng asin sa dagat na sagisag ng tahasang paglabag sa batas tungkol sa asin. Makatutulong ng malaki ang ganitong gawain upang maipakita sa buong mundo ang kasamaan ng Britanya.

**Huwaran ng Laban**

Isa si Gandhi sa pinakamahalagang tao sa ika-20 siglo. Hanggang ngayon, marami pa ring mga tao ang sumusunod sa kanyang pilosopiya upang baguhin ang daigdig. Pinangunahan ni Gandhi ang paghingi ng kalayaan ng isang bansa sa pamamagitan ng mapayapang paraan.

Maraming nagsasagawa ng mga demonstrasyon o mga aktibistang nagmamartsa o humaharang sa mga lansangan upang ipahayag ang kanilang mga pagtutol. Isa sa mga halimbawa nito ang mga tumatanggi sa mga sandatang nukleyar at mga nangangalaga sa kalikasan tulad ng grupong *Greenpeace*. Ginagawa nila ang paglaban sa mapayapang pamamaraan sa pamamagitan ng pagkuha ng atensyon ng publiko at mga mamamahayag. Maraming tao sa daigdig ang umaayon sa kanilang ginagawa. Dapat ay ganito ang gawin ng lahat upang maiwasan ang karahasan.

Naging inspirasyon ni Martin Luther King si Gandhi sa di paggamit ng karahasan sa pakikipaglaban sa karapatan ng mga Apro-Amerikano sa Amerika. Patuloy pa ring ginagamit ngayon ang pagwewelga na matagumpay na nagamit ni Gandhi. Ipinakita ni Gandhi sa buong daigdig kung gaano kadali ang makipaglaban para sa karapatan at kung paano makakamit ang tagumpay kung magsasama-sama ang mga tao sa iisang layunin.

Binago ni Gandhi ang kaisipan ng marami. Pinatunayan niyang maaaring magsama ang pag-aalsa at kawalang karahasan. Higit sa lahat, idiniin niya ang kahalagahan ng pangalagaan at hindi sirain ang buhay ng tao. Ito ang dapat gawin ng lahat ng tao sa mundo, ang iwasan ang kalupitan at karahasan. Maraming tao ang nagsimulang ipaglaban ang kanilang karapatan nang makita ang tagumpay ni Gandhi. Nahimok niya ang mga taong lumaban sa pang-aapi at kalupitan.

Hango sa: *Damayan Magazine, Ikalawang taon, Tomo II blg. 2, SY 1999- 2000*
*Diwa Scholastic Press Inc.*

## Gawain 1

1. Isa-isahin ang mga suliraning inilahad sa teksto at pagkatapos ay banggitin ang mga alternatibong solusyong ibinigay upang mabigyang-solusyon ang mga ito.

Hal.

| Suliranin | Alternatibong solusyon |
|---|---|
| 1. Panay na karahasan ang ginagamit upang makuha ng Britanya ang kanilang nais sa India. | 1. Higit na mainam kung dadaanin ng mga taga-Britanya sa mapayapang paraan ang kanilang nais makuha sa India. |
| 2. ______________________________ | 2. ______________________________ |
| 3. ______________________________ | 3. ______________________________ |
| 4. ______________________________ | 4. ______________________________ |
| 5. ______________________________ | 5. ______________________________ |

## Gawain 2

Panuto: Piliin mula sa Gawain 1 ang mga salita / pangungusap na ginamit sa pagbibigay ng alternatibong solusyon sa bawat suliranin.

Hal. Alternatibong Solusyon

1. Higit na mainam kung dadaanin ng mga taga-Britanya sa mapayapang paraan ang kanilang nais makuha.
2. ______________________________
3. ______________________________
4. ______________________________
5. ______________________________

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi ng Pagwawasto na nasa iyong guro.

## Gamitin

Panuto: Isulat ang T sa patlang kung sa palagay mo ay tama ang alternatibong solusyong ibinigay sa bawat suliranin at M kung sa palagay mo ay mali ang alternatibong ibinigay dito.

1. Ang pag-iwas ni Gandhi sa paggamit ng karahasan sa paglaban sa Britanya ay tuluyan nang

nalimot ng mga taga-India.
*alternatibong solusyon*
_____ Makabubuti siguro kung tuluyan nang gamitin ang marahas na paraan ng pagsugpo sa kaaway.

2. Waring nalilimot na ng mga naging pangulo ng Pilipinas ang pagiging "Idolo ng masa" ng Pangulong Magsaysay na isang dakilang Asyano, kung saan panay na kagalingan ng mahihirap ang binibigyang-halaga niya.
*alternatibong solusyon*
_____ Dapat ay ganito ang gawin ng mga nagiging pangulo at ng magiging pangulo ng Pilipinas: Ang gawin nilang huwaran ang pamumuno ng Pangulong Magsaysay.

3. Maraming pinuno ng mga bansa sa Asya ang tumutulad sa masamang pamamahala ni Mao Zedong, na nagiging dahilan upang maghimagsik ang mga mamamayan.
*alternatibong solusyon*
_____ Upang maiwasan ang ganitong pamamalakad, ganito ang dapat gawin, kailangang magkaisa ang mga mamamayan na labanan sa mapayapang paraan ang mga mapaniil na pinuno

4. Sa panahon ngayon, tila wala nang maaari pang pumantay sa kadakilaan nina Rizal, Gandhi at Confucius.
*alternatibong solusyon*
_____ Dapat nang kalimutan ang mga dakilang Asyanong ito, dahil tapos na ang kanilang panahon.

5. Hindi na nakikita sa kasalukuyan ang mga katangian ng isang mabuting pinuno na ayon kay Confucius," ang mga pinunong ito ay dapat maging huwaran ng lahat. "
*alternatibong solusyon*
_____ Makabubuti siguro na ang lahat ng pinuno sa mga pampublikong tanggapan ay dapat sumailalim sa mga seminar-workshop tungkol sa pakikitungo sa kapwa.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

## Lagumin

Panuto: Punan ang patlang ng mga salitang dapat gamitin upang mabuo ang diwa ng pahayag. Gumamit ng sagutang papel sa pagsagot.

Ang mga pangungusap na nagpapakilala ng alternatibong solusyon ay sumasagot sa tanong na (1)______

Ang mga salita / pahayag na ginagamit sa pagbibigay ng alternatibong solusyon ay (2)______, (3) ______, (4) ______, (5) ______, (6) ______ at (7) ______.

Iwasto mo ang iyong sagot.

## Subukin

Panuto: Bilugan ang bilang ng pahayag na nagbibigay ng alternatibong solusyon sa mga suliraning napapaloob sa tekstong, **"Ahimsa, Mapayapang Laban ni Gandhi."**

1. Makatutulong nang malaki sa ikapapayapa ng mundo kung titigilan ng mga bansa ang paggamit ng karahasan sa paglaban sa kaaway.
2. Kailangang kumandidato si Gandhi upang makamit niya ang tagumpay ng kanyang ipinaglalaban.
3. Higit na mainam kung dadaanin sa dayalogo ng magkabilang panig ang ano mang bagay na di nila mapagkasunduan.
4. Kailangang makuha ng mamumuno ang simpatiya ng kanyang nasasakupan upang mapagtagumpayan ang kanyang laban.
5. Higit na mainam kung papayag na lamang ang lahat sa ninanasa ng kanilang pinuno.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Kung nasagot mong lahat ang mga tanong sa bahaging ito, huwag mo nang sagutin pa ang susunod na bahagi, kung 3 lamang pababa ang iskor mo, gawin mo ang bahaging ito.

## Paunlarin

Panuto: Magbigay ng alternatibong solusyon tungkol sa "Paano kaya mapatutunayan ng Pangulong Arroyo na hindi siya nandaya noong nakaraang eleksyon?" Gumamit ng mga salitang ginagamit sa pagbibigay ng alternatibong solusyon tulad ng mga sumusunod;

- makabubuti siguro
- dapat ay ganito ang gawin
- ganito ang dapat gawin
- makabubuti siguro
- kailangan
- dapat
- higit na mainam


Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Matapos mong mapag-aralan ang mga salita / pangungusap na nagbibigay ng alternatibong solusyon, alam kong handa ka na upang gawin ang susunod na aralin.
Simulan mo na!

## B. Mga pangungusap na Pabuod at Pasaklaw

## Alamin

Panuto: Bigyan ng kaugnay na kaisipan ang sumusunod na pahayag




Sagutin

1. Anu-ano ang mahahalagang impormasyon ang ibinigay sa iyo ng mga pahayag sa; Gumamit ng sagutang papel sa pagsagot.
   a. ____________________________________________
   b. ____________________________________________
   c. ____________________________________________
   d. ____________________________________________
2. Ilan sa mga pahayag ay;
   2. a. nagsimula sa pagbanggit ng mga detalye patungo sa isang paglalahat
   ______________________________________________________
   ______________________________________________________
   2. b. nagsisimula sa paglalahat patungo sa mga detalye
   ______________________________________________________
   ______________________________________________________

Iwasto mo ang iyong mga sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

## Linangin

| |
|---|
| Pangungusap na Pabuod – |
| Nagsisimula sa detalye patungo sa paglalahat o heneralisasyon o lagom. |
| Hal. |
| Natuto ang mga taong Paleolitiko na gumamit ng apoy bilang ilaw, panakot sa mababangis na hayop, panluto ng pagkain at pananggalang sa malamig na klima. Pinagdudugtong nila ang pinatuyong balat ng hayop at ginawa itong balabal o saplot bilang pananggalang sa lamig at malakas na hangin. Dahil dito, nagawa nilang manirahan sa mga lugar na malamig ang klima, bagay na naging dahilan ng paglaganap nila sa iba't ibang bahagi ng mundo. |
| Pangungusap na Pasaklaw – |
| Nagsisimula sa paglalahat o heneralisasyon patungo sa mga detalye. |
| Hal. |
| Ang mga taong Paleolitiko ay may kinikilalang higit na makapangyarihan sa kanila. Ipinahahayag nila ito sa pamamagitan ng pagsamba sa mga bagay sa kalikasan na itinuturing nilang banal o sagrado. |

## Pabuod at Pasaklaw na Pangungusap

1). Bawat tao ay naiiba sa kanyang kapwa tao. *May matangkad, pandak o kaya naman ay payat at mataba. May maputi ang balat, asul ang mata, unat at blonde ang buhok. May mga tao naman na maitim ang balat, kayumanggi ang mata at itim na itim ang kulot na kulot na buhok.*

Ang may salungguhit na pangungusap ay pasaklaw sapagkat naglalahad ito ng heneralisasyon o paglalahat. Samantalang ang mga pangungusap na italisado ay mga detalye na sumusuporta sa heneralisasyon o paglalahat.

2). *Lumikha ang mga unang tao ng mga bagay mula sa kapaligiran. Natuklasan nila ang paggawa nang higit na maayos na kagamitang yari sa pinakinis na bato. Natutuhan din nila ang pagtatanim ng mga halamang kanilang makakain.* Sa panahong ito ng Neolitiko, bumilis ang ginawang pagbabago ng tao sa mga likas na anyo ng mga bagay sa kapaligiran at sa kapaligiran mismo.

Ang mga pangungusap na italisado ay mga pangungusap na pabuod. At ang pangungusap na sinalungguhitan ay pasaklaw na pangungusap.

## Gawain

Panuto: Isulat ang **pb** kung ang pangungusap ay <u>pabuod</u> at **ps** kung <u>pasaklaw</u>.

_____ 1. May tatlong uri ng metal na ginagamit ang mga tao bilang materyal sa paggawa ng kasangkapan, tanso, bronse at bakal.

_____ 2. Ang Catal Huyuk sa Turkey ay isa sa mga kinatagpuan ng mga unang gamit ng tanso bilang kasangkapan.

_____ 3. Batay sa kasaysayan, may kaalaman na ang mga tao sa paghahalo ng iba't ibang kemikal at elemento bago pa man sumapit ang 300 B.C.

_____ 4. Higit na mabilis matunaw ang bronze kung kaya naging madali para sa mga sinaunang taong ihulma ito sa iba't ibang hugis at hindi rin ito masisira ng kalawang.

_____ 5. Dahil sa pagtaas ng antas ng agrikultura ng Mesopotamia, marami itong sobrang butil na maipapamalit sa mga kinakailangang hilaw na material na nagmula sa mga kalapit-bayan.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

## Gamitin

Basahin ang sumusunod na teksto at pagkatapos ay sagutin ang mga sumusunod.

### Pilipino o Lahing Malayo?

Maraming antropologo ang salungat sa paniniwalang nagmula sa lahing Malayo ang mga Pilipino. Ayon kay F. Landa Jocano, isang antropologo mula sa Unibersidad ng Pilipinas, walang tinatawag na lahing Malayo. Noong una, ang mga tao ay inuuri dahil sa kanilang hitsura o pisikal na katangian. Ngunit ito ay mali sapagkat hindi dapat na inuuri ang mga tao batay sa kanilang lahi. Ginagawa ngayon ng mga antropologo ang pag-uuri sa mga tao batay sa kanilang wika at ibang katangiang pangkultura.

Nagsimula ang kaisipan na ang Pilipino ay mula sa mga Malayo noong panahon pa ng mga Espanyol. Nais ng mga makabayang Pilipino na maihiwalay sila mula sa mga dayuhan. Tinanggihan nila ang katawagang Indio na ginamit ng mga mananakop upang tumukoy sa mga katutubo. Maging si Dr. Jose Rizal ay ginamit ang katawagang Malayo Pilipino. Dito pumasok ang ugnayan ng mga Malayo sa kamalayan ng mga Pilipino.

Ayon din kay Onofre Corpuz, isang mananalaysay at dating ministro ng edukasyon, ang pagkakabuo ng mga pangkat-etniko ay pinasimulan ng mga mananakop mula sa Kanluran. Hinati-hati nila ang Asya sa kanilang mga sakop.

Tinawag ng mga Britano na Malayo ang mga naninirahan sa Tangway ng Malayo.

Samantalang tinawag namang Indones ng mga Aleman, Olandes at Portuges ang kanilang mga nasasakupan.

Itinuturing din ng mga antropologo na maling sabihing nagmula sa mga Malayo ang kultura ng mga Pilipino. Naiiba ang kasaysayan at panlipunang kaayusan ng mga Pilipino sa mga Malayo. Ang anumang pagkakatulad ng mga Pilipino at Malayo ay bunga ng maraming taon ng kanilang ugnayan. Dahil dito, maraming makabayang Pilipino ang tumatanggi na tawaging Malayo dahil itinuturing nila itong tanda ng pagiging kolonya ng Pilipinas.

Hango sa*: Damayan Magazine*
*Diwa Scholastic Press Inc.*

## Gawain 1

Panuto: Piliin mula sa loob ng kahon sa dakong ibaba ang letra ng mga pangungusap na pasaklaw na angkop sa mga sumusunod na pangungusap na pabuod.

1. Si F. Landa Jocano ay ang antropologo na nagmula sa Unibersidad ng Pilipinas. Pinag-aralan niya ang lahi, kultura at sibilisasyong pinagmulan ng tao.
2. Ginagawa ngayon ng mga antropologo ang pag-uuri sa mga tao batay sa kanilang wika at ibang katangiang pangkultura.
3. Tinanggihan ng mga katutubong Pilipino ang ikinapit sa kanilang katawagang "Indio" sapagkat hindi mabuti ang kahulugan nito sa wikang Kastila.
4. Tinawag namang Indones ng mga Aleman, Olandes at Portugees ang kanilang nasasakupan.
5. Ayon sa mga antropologo, walang batayang sabihing nagmula sa mga Malayo ang kultura ng mga Pilipino.

a. Ang pagkakabuo ng mga pangkat-etniko ay pinasimulan ng mga mananakop mula sa Kanluran.
b. Nais ng mga makabayang Pilipino na mahiwalay sila mula sa mga dayuhan.
c. Hindi dapat inuuri ang tao batay sa kanilang lahi.
d. Naiiba ang kasaysayan at panlipunang kaayusan ng mga Pilipino sa mga Malayo.
e. Ang mga antropologo ay nagsasaliksik sa pinagmulan ng mga sinaunang tao.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

## Lagumin

Panuto: Punan ng angkop na salita / parirala ang patlang upang mabuo ang diwa ng pahayag. Piliin ito sa loob ng kahon. Gumamit ng sagutang papel sa pagsagot.

Ang mga pangungusap na nagpapahayag ng alternatibong solusyon ay nagbibigay ng ___________(1) o ___________(2) na gawin ang isang tiyak na hakbang kapalit ng isa.

Ang pangungusap na pabuod ay nagsisimula sa pagbanggit sa mga ___________(3) patungo sa __________(4) o __________(5)

Ang pangungusap na pasaklaw ay nagsisimula sa __________(6) patungo sa __________(7)

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| paglalahat | heneralisasyon | mungkahi | detalye | pahiwatig |

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

## Subukin

A. Panuto: Piliin sa dakong ibaba ang letra ng pahayag na nagbibigay ng alternatibong solusyon para sa mga suliraning inihayag. Gumamit ng sagutang papel sa pagsagot.

1. Natututong mag-alsa ang mga Asyano dahil sa kurapsyong nagaganap sa pamahalaan.

2. Maraming dakilang Asyano ang wari'y hindi kilala ng kasalukuyang henerasyon.
3. Sina Dr. Jose Rizal at Andres Bonifacio ay kabilang sa mga dakilang Asyano subalit ang kanilang diwang makabayan ay hindi na nababanggit sa maraming pagkakataon.
4. Panay na kasamaan ng panunungkulan ng Pangulong Marcos ang nababanggit sa kasaysayan subalit ang mabubuting programa ng kanyang gobyerno ay hindi nalathala kailanman.
5. Sabi ng nakararaming mamamayan, hindi nabigyan ng parehas na paglilitis ang kasong kurapsyon ng Pangulong Estada.

*a. Makabubuti siguro kung pipili ang mga mamamayan ng pinunong matapat upang maiwasan ang kurapsyon.*
*b. Makabubuti siguro kung itutuwid ng kasaysayan ang naging paghuhusga sa panunungkulan ng Pangulong Marcos.*
*c. Higit na mainam kung ipagdiriwang ang kapanganakan nina Rizal at Bonifacio sa pamamagitan ng paglulunsad ng iba't ibang programa bilang pagpapahalaga sa kanilang kabayanihan.*
*d. Makatutulong ng malaki kung ituturo sa mga paaralan ang mga kabayanihan ng mga dakilang Asyano.*
e. *Makabubuting maging makatarungan ang mga abugadong hahawak ng paglilitis sa kaso ng Pangulong Estrada, kundi ay baka maghimagsik ang mga mamamayang sumusuporta sa kanya*.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

B. Panuto: Bilugan ang bilang ng pangungusap na pabuod at ikahon ang bilang ng pangungusap na pasaklaw.

1. Tinatawag na Mangyan ang pitong pangkat ng mga katutubo na matatagpuan sa kabundukan ng Mindoro, ang ikapitong pinakamalaking pulo sa Pilipinas.
2. Kahit nakikihalubilo sa mga tagalabas, pinangangalagaan ng mga Mangyan ang kanilang kultura. May kaugalian ang mga Mangyan na umiwas sa mga taong di nila kilala.
3. Sa kulturang Mangyan, masama ang kahulugan ng Kristiyano. Sa katunayan, ginagamit na panakot ng mga magulang sa kanilang mga anak ang mga <u>damu-ong</u> o kristiyano.
4. Ang mga Mangyan ang tanging unang nanirahan sa pulo ng Mindoro.
5. Mapagmahal sa kapayapaan ang mga Mangyan.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Kung ang iskor mo sa pagsasanay na ito ay 6 pataas, huwag mo nang gawin ang susunod na gawain, ibig sabihin naunawaan mo ang aralin, subalit kung ang iskor mo ay 5 pababa, gawin mo ang susunod na gawain dahil kailangan mo pa ng mga karagdagang pagsasanay.

## Paunlarin

C. Panuto: Lagyan ng tsek (√) ang bilang ng pahayag na naglalahad ng alternatibong solusyon sa sumusunod na suliranin.

1. Ang katutubong kulturang Pilipino ay nawawala na dahil sa paglaganap ng kulturang kanluranin.

   Bilang isang mag-aaral, anu-anong alternatibong solusyon ang maibibigay mo upang maiwasan ang maaaring tuluyang pagkawala ng kulturang nabanggit.

_____ a. Dapat na patuloy pa ring ipagdiwang ang mga katutubong okasyon tulad ng Ati-atihan at Flower Festival sa Baguio.

_____ b. Kailangang huwag nating kalimutan ang mga kaugaliang pangkagandahang-asal tulad ng paghalik sa kamay at pagsagot ng "po at opo."

_____ c. Mainam kung patuloy pa ring ipababasa sa mga mag-aaral ang katutubong panitikang Pilipino tulad ng alamat, pabula at iba pa.

_____ d. Mainam kung kalimutan na ng mga Pilipino ang kanilang katutubong kultura sapagkat nasa modernong panahon na tayo ngayon.

_____ e. Ang unang dapat gawin ay papasukin na natin ang kulturang kanluranin subalit huwag nating hayaang mawala ang katutubong kultura natin.

D..2. Panuto: Isulat ang pabuod sa patlang kung ang pangungusap ay pabuod at pasaklaw kung ito ay pasaklaw.

_____ a. Kung magbabalik-tanaw sa kasaysayan ng Asya sa mga huling bahagi ng ika-19 na siglo hanggang sa mga unang tatlong dekadang ika-20 siglo, maituturing na nangingibabaw ang pangalan ni Sun Yat Sen bilang isa sa mga maimpluwensiyang dakilang Asyano.

_____b. Para kay Dr. Sun Yat Sen ang edukasyon ay susi sa pagpapalaya sa bansa.

_____c. Kinilala si Dr. Sun Yat Sen bilang "Ama ng Rebolusyunaryong Tsino." Siya ang may-akda ng tatlong pangunahing prinsipyo sa pagtataguyod ng kapakanan ng mga Tsino; ang Min Tsui (People's Rule), ay Min Chuan (People's Authority), at Min Shong (People's Livelihood).

_____d. Karapat-dapat ang isang tulad ni Dr. Sun Yat Sen sa mataas na pagpapahalaga at pagkilala hindi lamang ng mga Tsino kundi ng buong mundo.

_____e. Ipinagpatuloy ni Dr. Sun Yat Sen ang pagtataguyod sa kapakanan ng kanyang mga kababayan. Itinayo niya ang Kumintang, isang partidong pampulitika upang isulong ang kanyang San Min Chui (Principles of the People).

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Matapos mong pag-aralan ang aralin sa gramatika, alam kong handa ka na upang talakayin ang susunod na aralin.

## Sub-Aralin 2-A

### Pagbibigay-kahulugan sa mga Piling Salita / Parirala / Pahayag Batay sa Konteksto ng Pagkakagamit Nito


### Tekstong Argumentativ

### Layunin

- Nabibigyang-kahulugan ang mga piling parirala / pahayag batay sa konteksto ng pagkakagamit nito
- Natutukoy ang tekstong argumentativ

### Alamin

Panuto: Lagyan mo ng tsek (√) ang bilang ng mga argumento na sa palagay mo ay angkop sa sumusunod na tanong.



Ang isa bang punong-bayan na naglilingkod sa mga dayuhang mananakop ay maituturing na taksil sa bayan?

HINDI

_____ a. Kung ang ginagawang paglilingkod ng isang mamamayan sa mga mananakop ay trabaho lamang at walang anumang personal na hangarin, hindi ito isang kataksilan.

_____ b. Kung ang paglilingkod na ginagawa ng isang mamamayan sa kanyang bayan ay katumbas ng malaking halaga, dapat lamang na maglingkod siya dito.

_____ c. Kung ano ang idinidikta ng konsensiya mo, gawin mo, dahil ito ay tama.

OO

_____ a. Mahirap patunayan ang katapatan ng isang tao hanggat siya'y naglilingkod sa dayuhang sumasakop ng kanyang bansa.

_____ b. Habang ang isang mamamayan ay naglilingkod nang buong katapatan sa dayuhang mananakop, siya'y nagtataksil sa kanyang bayan.

_____ c. Sapagkat ang mamamayan ay nagsisilbi sa kaaway ng kanyang bayan, siya'y dapat na ituring na kaaway din.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

## Linangin

May mga salita / parirala / pahayag na mabibigyang-kahulugan batay sa konteksto ng pagkakagamit nito sa pangungusap.

Halimbawa:

Noong 1948 ay ganap na napahid ang <u>ikinulapol na putik</u> sa pangalan ni Dr. Jose P. Laurel.

Ang pariralang, "<u>ikinulapol na putik</u>", sa kanyang sariling kahulugan, ay nangangahulugang <u>nilagyan ng putik,</u> subalit sa pagkakagamit nito sa pangungusap, ito ay nangangahulugang "kahihiyan".

Panuto: Basahin nang tahimik at unawain ang teksto at pagkatapos ay gawin ang mga sumusunod;

# Dr. Jose Paciano Laurel
# Dakilang Asyano

Iniluwa ng pintuang bakal ng Piitang Sugamo sa Tokyo, Hapon ang isang may gulang na lalaki. Noon ay taong 1946. Iilang buwan pa lamang nagtatapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

"Isa siyang taksil," sigawan ng isang pulutong ng  mga Pilipino sa labas ng piitan.

"Hindi," agaw naman ng isa pang pangkat. "Isa siyang bayani!"

Ang tinutukoy nila ay si Dr. Jose Paciano Laurel na naging pangulo ng Ikalawang Republika ng Pilipinas sa ilalim ng pananakop ng bansang Hapones. Nakulong siya sa Sugamo Prison sa paratang na pakikipagtulungan o kolaborasyon sa mga pinunong Hapones laban sa kanyang sariling bansa at sa bansang Amerika.

Ngunit makatarungan ang panahon. Noong 1948 ay ganap na napahid ang ikinulapol na putik sa kanyang pangalan nang bigyan siya ng amnestiya ni Pangulong Manuel A. Roxas. Nawalan ng saysay ang mga usaping iniharap laban sa kay Dr. Laurel sa *People's Court* o Hukuman ng Bayan.

Tulad ng milyong Pilipino, naniniwala si Pangulong Roxas na hindi taksil sa bayan si Dr. Laurel, manapa ay isang tunay na bayani. Bilang katunayan ay iniligtas siya ni Dr. Laurel noong ipinadarakip siya ni Koronel Nagahama ng *Japanese Imperial Army.*

Likas sa sinumang makabayan ang pagiging kontrobersyal sa paningin ng marami. At si Dr. Laurel ay hindi nakaligtas sa kalakarang iyon ng buhay. Naging sentro siya ng kontrobersyal sa ilang dekada sa kanyang panunungkulan sa pamahalaan.

Para sa ilang nagmamasid sa galaw ng pulitika, itinuturing nila si Dr. Laurel na pinakakontrobersyal na pinunong nanungkulan sa Malacanang.

Lahat ng tatlong sangay ng Republika ng Pilipinas ay napaglingkuran niya. Humawak siya ng tungkulin sa hudikatura sa Kataas-taasang Hukuman. Dalawang ulit naman siyang nahalal na mambabatas ng lehislatura, naging kasapi ng gabinete, at naging punong ehekutibo.

Kalihim ng Katarungan si Dr. Laurel nang sumiklab ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig (*World War II*). Tulad ng iba pang makabayang mga pinuno ng pamahalaang Pilipino, Si Dr. Laurel ay kabilang sa nagpasyang magbitiw sa tungkulin o tumakas sa bansa. Ayaw niyang manungkulan sa ilalim ng pamahalaan ng mga Hapones. Kung hindi man siya makatakas patungo sa ibang bansa ay nais niya na mamundok – maging isang gerilya upang ipagpatuloy ang pakikibaka laban sa pananakop ng bansang Hapones.

"Nababaliw ka ba?" parang kulog ang tinig ni Pangulong Manuel Luis Quezon nang malaman ang binabalak ni Dr. Laurel. "Hindi mo maaaring gawin iyan, Pepito," dugtong pa ni Pangulong Quezon. "Ikaw at ang iba pang kasapi ng gabinete ay kailangang manatili sa panunungkulun upang mapangalagaan ang mamamayan laban sa pagmamalabis at paniniil ng mga kaaway."

Waring nagising mula sa mahimbing na pagkakatulog si Dr. Laurel. Noon niya napagnilay-nilay na totoo ang sinasabi ni Pangulong Quezon. Kung siya nga naman at ang iba pang pinunong Pilipino ay mangibang-bansa o mamundok, ano ang magiging kalagayan ng mga Pilipino?

Masasabing ang mga pangungusap na iniwan ni Pangulong Luis Quezon ang nagsilbing inspirasyon na naging gabay ni Dr. Jose Laurel upang magpatuloy na manungkulan sa pamahalaan kahit sa ilalim ng pananakop ng kanyang mga kaaway. Naging hamog ito na dumilig sa kanyang damdamin at isipan upang magsupling ang binhing makabayan.

Ngunit lingid sa kanyang kaalaman ay may pangkat na nabulagan sa paniniwala. Inakala ng ilang naliligaw na sa halip na pagpapakasakit o sakripisyo ang ginawa ni Laurel ay nagtaksil siya sa bayan.

Gayunman, hindi ito inalintana ng dakilang lider ng bansa. Ipinagpatuloy niya ang pagpapakasakit, kaya't nang hirangin siya ng mga pinunong Hapones na gumanap bilang Pangulo ng Republika ng Pilipinas ay hindi tumanggi si Dr. Laurel. Naniniwala siya na sa pamamagitan ng pinakamataas na tungkuling ito ay higit niyang mapaglingkuran ang kanyang bansa at mga kababayan. Tinawag siyang *Puppet-President.*

Hindi siya gahaman sa karangalan, dahil ayon sa kanya, walang karangalan ang mamuno bilang pangulo ng isang bansang nasasakop, Naniniwala siyang ang korona ng kapangyarihan ay ipinuputong sa ulo ng isang lider di upang siya'y tumanggap ng pribilehiyo kundi isang pananagutan.

Si Pangulong Laurel ay tumanggap ng pananagutan na di kapantay ng pribilehiyong pwedeng mapasakanya sa pagtanggap niyon. Tumangap siya ng tungkulin na walang gaanong inaasam na karangalan. Di niya inalintana kung siya man ay dakilain o libakin. Hinangad lamang niya na mapasakanya ang kapangyarihan para sa ikabubuti ng maraming mamamayan na sakmal ng pagkalito.

Ang pambihirang lideratong taglay ni Pangulong Laurel ang isa sa mga timbulang nagtawid sa atin patungo sa pampang ng kaligtasan na ngayo'y malaya ng bansa at republika. Dahil sa pagpayag niyang maging kasangkapan ng mga Hapones, naligtas sa pagkagutom, pagkakawatak-watak at tuluyang pagkalugmok ang ekonomiya at ang sambayanang Pilipino.

Bilang mambabatas, naging tagapagsulong siya ng karapatan ng mga kababaihan. Sa katunayan, napaloob sa ating Saligang Batas ang mga karapatang pantao sa kanyang pagmumungkahi.

Nag-iwan siya ng isang halimbawang dapat tularan at mga bakas na dapat sundan ng mga kabataan upang di maligaw ng landas, sa kabataang patuloy na nakikipagsapalaran sa magulong mundo. May mga aral din siyang nakatatak na sa ating isipan na siyang makatutulong sa atin sa mga darating na panahon.

Si Pangulong Laurel ay isang dakilang pangulo sapagkat nagsilbi siyang ilaw habang ang bansa'y nasa pinakamadilim na bahagi ng kasaysayan. Sa kanya iniatang ng tadhana ang tungkuling ito sapagkat katulad niya ang isang diyamante na mananatiling hiyas ng ating kasaysayan, isang diyamante na panghabang panahon.

Hango sa: *Wika at Panitikan sa Makabagong Henerasyon Fil. II*

A. Talasalitaan

Panuto: Piliin sa Hanay B ang kahulugan ng salita / pariralang may salungguhit batay sa konteksto ng pagkakagamit nito sa pangungusap.

**Hanay A**

1. Iniluwa ng pintuang bakal ng Piitang Sugamo sa Tokyo, Hapon ang isang may gulang na lalaki.
2. Waring nagising mula sa mahimbing na pagkakatulog si Dr. Jose P. Laurel.
3. May mga pangkat ng mga Pilipino ang nabulagan ng paniniwala tungkol sa katauhan ni Dr. Jose P. Laurel.
4. Si Pangulong Jose P. Laurel ay nagsilbing ilaw habang ang bansa ay nasa pinakamadilim na bahagi ng kasaysayan.
5. Katulad ni Dr. Jose P. Laurel ay isang diyamante na mananatiling hiyas ng ating kasaysayan.

**Hanay B**

a. nagkamali
b. natauhan
c. gabay
d. mahalaga
e. inilabas
f. mahal

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

B. Pagsusuri sa Teksto

> Ang tekstong argumentative ay naglalahad ng isang pagkukuro, paniniwala o pananaw. Sumasagot ito sa tanong na, "BAKIT."
>
> Sa paglalahad ng mga argumento, mahalagang maipakita ang maayos at lohikal na paglalahad ng pangangatwiran o argumento upang makahikayat na sumang-ayon sa kanyang panig.

Suriin natin ang tekstong, "Dr. Jose P. Laurel, Dakilang Asyano."

Ang mga sumusunod ay mga argumentong inilahad tungkol sa pagiging dakilang Asyano ni Dr. Jose P. Laurel.

**Jose Ponciano Laurel**

1. "Isa siyang taksil, naglingkod siya sa Pamahalaang Hapon."

4. "Isa siyang bayani!" Naglingkod lamang siya sa Pamahalaang Hapon upang mailigtas ang sambayanang Pilipino."

Ngunit naging makatarungan ang panahon, ganap na napahid ang ikinulapol na putik sa kanayang pangalan nang bigyan siya ng amnestiya ni Pang. Manuel A. Roxas.

Kung si Dr. Jose P. Laurel at ang iba pang pinunong Pilipino ay mangingibang-bansa o mamumundok, ano na ang magiging kalagayan ng mga Pilipino?

Hindi siya gahaman sa karangalan, dahil ayon sa kanya, walang karangalan ang mamuno bilang pangulo ng isang bansang nasasakop.

Sa mga argumentong inilahad, alin sa mga ito ang sa palagay mo ay totoo batay sa binasa mong teksto:

Panuto: Lagyan mo ng tsek (√) ang mga bilang ng argumentong sa palagay mo ay totoo batay sa teksto at exis (X) kung sa palagay mo ay mali. Kumuha ng sagutang papel sa pagsagot mo.

1. ______ 3. ______ 5. ______
2. ______ 4. ______

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Sa paglalahad mo ng mga argumento, mahalagang maipakita mo ang maayos at makatwirang paglalahad upang makahikayat ka na sang-ayunan ang iyong mga inilahad na pangangatwiran.

Sa pagbibigay natin ng mga argumento, gumagamit tayo ng mga salita / parirala na pang-ugnay.

Halimbawa:

1. Tulad ng mga milyong Pilipino, naniniwala si Pangulong Roxas na hindi taksil sa bayan si Dr. Jose P. Laurel, <u>manapa'y</u> isang tunay na bayani.
2. Kung hindi man makatakas si Dr. Jose P. Laurel patungo sa ibang bansa, nais niyang mamundok, maging isang gerilya upang maipagpatuloy ang pakikibaka laban sa pananakop ng bansang Hapones.

GAMITIN

A. Panuto: Piliin ang mga pang-ugnay na ginamit sa mga sumusunod na argumento. Gumamit ng sagutang papel sa pagsagot mo.

1. Si Dr. Jose P. Laurel at ang iba pang kasapi ng gabinete ay kailangan manatili sa panunungkulan upang mapangalagaan ang mga Pilipino laban sa paniniil ng mga Hapones.
2. Inakala ng ilang naliligaw ng isipan, na sa halip na pagpapakasakit o sakripisyo ang ginawa ni Laurel, siya ay nagtaksil sa bayan.
3. Ipinagpatuloy ni Dr. Jose P. Laurel ang pagpapakasakit kaya't nang hirangin siya ng mga pinunong Hapones na gumanap bilang pangulo ng Republika ng Pilipinas ay hindi tumanggi si Dr. Laurel.

4-5. Si Pangulong Laurel ay isang dakilang pangulo sapagkat nagsilbi siyang ilaw habang ang bansa ay nasa pinakamadilim na bahagi ng kasaysayan.

B. Panuto: Lagyan ng ekis (X) ang bilang ng mga pahayag na nagsasaad ng argumento.

_____ 1. Kay Dr. Jose P. Laurel iniatang ng tadhana ang tungkulin ng pagkapangulo dahil alam niyang siya'y karapat-dapat sa tungkuling ito.

_____ 2. Katulad ni Dr. Jose P. Laurel ay diyamante na mananatiling hiyas ng ating kasaysayan sapagkat ang taglay niyang kadakilaan ay magniningning ng panghabang panahon.

_____3. Tinawag si Dr. Jose P. Laurel na isang "Puppet President" subalit hindi siya karapat-dapat sa taguring ito.

_____4. Iniluwal ng pintuang bakal ng Piitang Sugamo sa Tokyo, Hapon.

_____5. Noong taong 1946 ay simiklab ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

LAGUMIN

Panuto: Punan ang patlang ng wastong salita upang mabuo ang diwa ng pangungusap. Piliin ito sa loob ng banner. Gumamit ng sagutang papel sa iyong pagsagot.

Ang tekstong argumentative ay naglalahad ng isang (1)__________, (2)__________ o

(3)__________. Sumasagot ito sa tanong na (4)__________.

Sa paglalahad ng mga argumento, mahalagang maipakita ang (5)__________at (6)__________ na paglalahad ng mga pangangatwiran.

Sa pagbibigay ng mga argumento, gumagamit tayo ng salita, (7)_________ na pang-ugnay ng mga (8) _________. Ang mga halimbawa ng mga pang-ugnay ay (9) _________ at (10)__________.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| kung | ngunit | paniniwala | lohikal | kaisipan | pananaw |
| parirala | pagkukuro | ano | bakit | maayos | pahayag |

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

A. 1. Balikan ang bahaging, **"Alamin,"** piliin mula sa mga pahayag na nagsasaad ng argumento ang mga pang-ugnay na ginamit.

| **Hindi** | **Oo** |
|---|---|
| a. ___________ | a. ___________ |
| b. ___________ | b. ___________ |
| c. ___________ | c. ___________ |

C. Balikan ang bahaging, **"Pagsusuri sa Teksto,"** piliin ang mga salita / parirala na ginamit bilang pang-ugnay.

1. ___________________________
2. ___________________________
3. ___________________________
4. ___________________________
5. ___________________________

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Kung ang iskor mo ay anim hanggang labing-isa, huwag mo ng gawin ang susunod na bahagi, ibig sabihin lubusan mong naunawaan ang aralin.

Subalit kung ang iskor mo ay lima pababa, gawin mo ang susunod na gawain. Kailangan mo pa ng dagdag na pagsasanay upang lubos mong maunawaan ng aralin.

PAUNLARIN

Panuto: Lagyan ng tsek (√) ang pahayag na naglalahad ng argumento.

Bahagi ng tekstong

**“Mao Zedong, Dakilang Asyano para sa mga Tsino.”**

1. Dahil sa pangambang mawala na ng mga Tsino ang pagpapahalaga sa rebolusyon, sinimulan ni Mao ang “Cultural Revolution” na umusig sa lahat ng paniniwalang kaaway ng rebolusyon noong 1966.
2. Gayunpaman, para sa maraming Tsino, lalo na para sa mahihirap na magbubukid, isang mabuting pinuno at bayani si Mao dahil nagnais itong bigyan sila ang pantay na karapatan.
3. Naniniwala ang maraming Tsino na kung buhay si Mao hindi nito pahihintulutan ang malawakang katiwalian at kasakiman sa salapi na nagiging malaganap ngayon sa Tsina.
4. Ayon sa ilang pinuno ng Tsina, kulang sa impormasyon ang mga Tsino tungkol sa kasamaang naidulot ng pamamahala ni Mao, panay kasi tagumpay ni Mao ang nabigyan ng pansin.
5. Malaki ang nagawang pagbabago sa Tsina ng pamamalakad ni Mao.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Matapos mong mapag-aralan at masuri ang tekstong agrumenttiv, alam kong handa ka na upang muling magsuri ng susunod na uri ng teksto.

## Sub – Aralin 2 – B


## Paglikha ang Bagong Salita Mula sa Dalawang Salitang Pinaikli at Pinagsama

## Tekstong Informativ

## Layunin

- Nakalilikha ng bagong salita mula sa dalawang salitang pinaikli at pinagsama.
- Natutukoy ang tekstong informativ.

## Alamin




Panuto: Lagyan ng tsek (√) ang bilang ng pahayag na nagsasaad ng katutubong kulturang Pilipino.

______ 1. Paghalik ng kamay ng mga nakatatanda bilang paggalang.
______ 2. Pagsagot ng "po at opo."
______ 3. Pagdarasal nang sama-sama.
______ 4. Pagkupkop ng mga magulang sa kanilang mga anak kahit ang mga ito'y nasa wastong gulang na.
______5. Pakikisama sa "boyfriend o girlfriend" kahit hindi pa kasal.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

## Linangin

Ang Isang paraan ng paglikha ng bagong salita ay sa pamamagitan ng dalawang salitang pinaikli at pinagsama.

*Halimbawa:*

*tapsi* – tapa at sinangag
*silog* – sinangag at itlog

Panuto: Basahin nang tahimik at unawain ang sumusunod na teksto at pagkatapos ay gawin ang hinihingi ng mga sumusunod.

## Ebolusyon ng Kultura

Nahahati sa tatlong panahon ang ebolusyon o pag-unlad ng kultura at kabihasnan ng tao noong sinaunang panahon – Paleolitiko, Neolitiko at Metal. Ang paghahati ng mga yugtong ito ay batay sa kagamitang natuklasan at inuri-uri sa bawat panahon.

**Panahong Paleolitiko**

Mga bato ang ginamit ng mga sinaunang tao upang gawing kagamitan at sandata sa panahong Paleolitiko (O*ld Stone Age*). Tinatayang nagsimula ang panahong ito mahigit dalawang milyong taon na ang nakararaan. Nabuhay sa pangangaso at pangangalap ng halamang-gubat ang mga tao sa panahong ito.

Simple lamang ang teknolohiya noong Panahong Paleolitiko. Upang makagawa ng kasangkapang bato, pinupukpok lamang ng bato ang isa pang bato.
Kapag nabasag, maaari nang gamitin ang natapyas o kaya ay ang pinagtapyasang bato kung ito ay matalim o matulis. Ito ang tinatawag na *flaked stone tool* o tinapyas na kasangkapan bato. Karaniwang mga *hand axe* at *chopper tool* ang mga kasangkapang ginamit sa yugtong ito.

Nanirahan ang mga taong Paleolitiko sa mga kweba at mga tirahan na gawa sa mga sanga ng kahoy at balat ng hayop. Umiikot sila sa isang malawak-lawak na kapaligiran na panahunan nilang kinukunan ng pagkain.

Sa paglipas ng panahon, natuto ang mga taong Paleolitiko na gumamit ng kagamitang tulad ng palakol, paet, pana at sibat. Nabuhay sila sa pamamagitan ng pangangaso, pangingisda at pangangalap ng pagkain.
Natuto rin silang gumamit ng apoy bilang ilaw, panakot sa mababangis na hayop, panluto ng pagkain at pananggalang sa malamig na klima. Pinagdugtong nila ang pinatuyong balat ng hayop at ginawa itong balabal o saplot bilang pananggalang sa lamig at malakas ng hangin. Dahil dito, nagawa nilang manirahan sa mga lugar na malamig ang klima, bagay na naging dahilan ng paglaganap nila sa iba't ibang bahagi ng mundo.

Natutuhan din ng mga taong Paleolitiko nang lumaon ang pag-ukit, paglilok, at pagpipinta. Sa pamamagitan nito, gumuhit sila ng mga larawan sa dingding ng mga kweba.

Masasabing may kinikilala silang higit na makapangyarihan kaysa kanila. Nag-aalay ng sakaripisyo, pagkain at mga palamuti sa patay. Halimbawa, isang patay na nahukay sa paanan ng Himalayas ang napalilibutan ng mga sungay ng kambing. Ang iba naman ay may lutong karne pa

Ang pagsamba sa pinaniniwalaan nilang higit na makapangyarihan kaysa kanila ay naipahayag sa pamamagitan ng pagsamba sa mga bagay sa kalikasan. Itinuturing nilang banal o sagrado ang mga ito.

**Panahong Neolitiko**

Sa panahong Neolitiko *(New Stone Age),*nagkaroon ng bagong kagamitan sa pag-unlad ng teknolohiya sa paggawa ng kasangkapang bato. Sadya ang paghuhugis at pagkikinis ng mga taong Neolitiko sa mga batong gamit sa samu't saring gawain. Naimbento sa panahong ito ang busog at pana, gayundin ang iba pang gamit sa pagtatanim at pag-aani ng mga butil. Dahil kailangan nila ng mga imbakan ng tubig at pagkain, gumawa sila ng mga palayok at nagtayo ng mga kamarin na kung saan maaari nilang itago ang kanilang ani.

Isa saa mga lugar na sinasabing pinagmulan ng pagtatanim ang gilid ng Kabundukang Zagros sa hilagang Iran at Iraq. Bago pa matutong magtanim ang mga tao rito, panahunan silang naninirahan dito dahil sa nakapag-aani sila ng pagkain mula sa mga ligaw na butil tulad ng trigo.

Hindi naglaon, lumaki ang kanilang populasyon. Bunga nito, kinapos sila sa pagkain. Sinubukan ng ilan na magtanim ng mga butil (trigo at barley) sa mabababang lugar ng kabundukan. Sa mahabang proseso ng pagsubok, lumitaw ang mga uri ng trigo na angkop sa pagtatanim – di agad nalalagas sa tangkay, madaling bayuhin at madaling nabubuhay sa uri ng lupa na matatagpuan sa Lambak ng Tigris-Euphrates.

Bunga ng pag-unlad sa produksyon sa pagkain, bumuti ang pamumuhay ng mga tao sa iisang lugar. Nakabuo sila ng mga pamayanan. Bumilis din ang paglaki ng populasyon. Dahil dito, nagsimulang magkaroon ng payak na sistema ng pamamahala lalo na sa pagpapalitan ng produkto.

Nagsimula ring magkaroon ng iba't ibang gawain- may nahasa sa paggawa ng palayok, may naging bihasa sa pag-aalaga ng hayop,pagtatanim at kung anu-ano pa. Bunga ng kahusayan sa iba't ibang gawain, lalong sumigla ang pagpapalitan ng kalakal hindi lamang sa pagitan ng magkakalapit na pamayanan kundi maging sa malalayong lugar.

Ngunit hindi lamang yumabong ang agrikultura sa paligid ng Lambak ng Tigris-Euphartes. Sa dakong hilaga nito hanggang sa malawak na *steppe* sa Gitnang Asya, gayundin sa dakong timog sa mga disyerto ng Arabia, natuklasan ng mga taong angkop ang kanilang lugar sa paghahayupan.

**Panahong Metal**

Batay sa kasaysayan, may kaalaman na ang mga tao sa paghahalo ng iba't ibang kemikal at elemento bago pa man sumapit ang 3000 B.C. Isa sa natuklasang material ng mga arkeologo ay ang bronse na pinaghalong tanso at tin. Kung tutuusin, higit na matigas ang bronse sa tanso, subalit higit na mabilis matunaw ang bronse kung kaya naging madali para sa mga sinaunang tao ang agham at sining ng metalurhiya o paggawa ng metal.

Paggamit ng metal sa paggawa ng kasangkapan, higit na bumilis ang produksyon ng pagkain na nagpagaan sa buhay ng marami. Halimbawa, higit na malawak na lupain ang nalinang sa higit na mabilis na panahon nang umpisahang gamitin ang bakal sa pag-aararo at pagputol ng puno. Nangangahulugan ito ng higit na malaking produksyon ng butil na hindi lamang tumugon sa pangangailangan ng mga tao kundi pati na rin sa kanilang pamayanan.

Sa pagdami ng pagkain, lalong umunlad ang kalakalan sa pagitan ng mga pamayanan. Ang Mesopotamia, halimbawa, ay salat sa maraming sangkap sa paggawa tulad ng mga bato at metal. Subalit dahil sa pagtaas ng antas ng produksyon sa agrikultura, marami itong sobrang butil na naipamalit sa kinakailangan sangkap mula sa mga kalapit na pamayanan.

Malaki ang naitulong ng kagamitang metal sa urbanisasyon, halimbawa, ng Mesopotamia. Dahil labis-labis ang pagkain, nagkaroon ang mga tao ng maraming pagkakataong tuklasin at paunlarin ang kanilang kaalaman sa iba pang gawain. Natuon ang pansin ng iba sa paghahayupan, pagpapanday, konstruksyon at pangangasiwa. Ang ilan naman ay naging mga sundalo at pari na siyang naglingkod sa kapwa. Tumira sila sa lungsod kung saan naitayo ang isang templo.

Kabilang sa mga unang sibilisasyon sa daigdig ang Mesopotamia sa Timog-kanlurang Asya, ang *Harappa-Mohenjo Daro* sa India at ang Shang sa Tsina.

Naniniwala ang mga iskolar na naitatag ang mga ito sa tulong ng pag-unlad ng kabuhayan ng mga tao na sanhi ng paggamit ng tanso, bronse at bakal bilang mga material sa paggawa ng kanilang kasangkapan.

Hango sa: *Wika at Panitikan sa Makabagong HenerasyonFilipino II*
*Diwa Publication*

A. Talasalitaan

Panuto: Piliin sa loob ng ulap sa dakong ibaba ang letra ng mga salitang pinagmulan ng sinalungguhitang salita sa loob ng pahayag.

1. Ang mga Amerisians ay mga anak ng mga magulang na nagmula sa kanluran at Asya.
2. Dahil sa impluwensiya ng kulturang kanluran sa kulturang silanganin nagkaroon ng tinatawag na amboy.
3. Maraming Tsinoy ngayon sa Pilipinas.
4. Dahil sa pagkakahawig ng ilang kulturang Pilipino sa ilang bagay sa kulturang Intsik kinagiliwan ngayon ng mga Pilipino ang mga Tsinobela.
5. Ayon sa alamat, pinagpala ang lahing Pilipino dahil siya'y namumukod na lahi. Ang Pilipino raw ay mula sa mga salitang ________.

a. "pili", "pino"
b. American, Asian
c. Tsino, Pinoy. American, boy
d. American, boy
e. Tsino, nobela

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

B. Pagsusuri sa Teksto

**Informativ** ang teksto kung nagtataglay ito ng mahahalaga at tiyak na impormasyon tungkol sa mga tao, bagay, lugar at pangyayari.

Balikan mo ang tekstong, "Ebolusyon ng Kultura." Ang mga sumusunod ay mahahalagang impormasyong hinango dito.


## Tatlong Panahon sa Ebolusyon ng Kultura

**Panahong Paleolitiko**

1. Mga bato ang ginagamit ng mga sinaunang tao. *(Old Stone Age)*
2. Naninirahan sila sa mga kweba at mga tirahan na gawa sa mga sanga ng kahoy at balat ng hayop.
3. Sinasamba nila ang mga bagay sa kalikasan. Para sa kanila banal ang mga ito.



*Ebolusyon ng Kultura*



**Panahong Metal**

1. Natutong gumamit kemikal ang tao tulad ng tanso at tin.
2. Dito nagsimula ang metalurya o paggawa ng metal.
3. Kabilang sa unang sibilisasyon sa daigdig ang Mesopotamia.

**Panahong Neolitiko**

*(New Stone Age)*

1. Naimbento sa panahong ito ang busog at pana.
2. Nagtanim sila ng mga butil tulad ng trigo sa kabundukan ng Zagros sa Hilagang Iran at Iraq.
3. Natuto na rin silang maghayupan.

Batay sa mg impormasyong inilahad, ibigay mo ang mga sumusunod.

Panuto: Isulat ang Tama kung tama ang impormasyon batay sa inilahad at isulat ang Mali kung mali ang impormasyong ipinahayag sa dakong itaas. Gumamit ng sagutang papel sa pagsagot mo.

______1. May tatlong ebolusyon ang kultura ng tao.
______2. Ang Panahong Paleolitiko ay kilala rin bilang “Old Stone Age.”
______3. Ang metal ay ginamit noong panahon ng “New Stone Age.”
______4. Ang metalurya ay sining ng paggawa ng bato.
______5. Natutong gumamit ng pana at busog ang tao noong panahon ng Neolitiko.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawato na nasa iyong guro.

Ang tekstong **informativ** ay sumasagot sa tanong na ano, o nagbibigay ito ng impormasyon tungkol sa mga bagay, sumasagot sa tanong na kailan o nagbibigay ito ng impormasyon tungkol sa panahon at sumasagot sa tanong na saan o nagbibigay ng impormasyon tungkol sa lugar.

Ang mga sumusunod ay mahahalagang impormasyong hango sa tekstong, "Ebolusyon ng Kultura."

1. Impormasyon sa mga bagay – (sumasagot sa tanong na ano)

   a. Ang paghahati ng mga yugto ng ebolusyon ng kultura ay naayon sa kagamitang natuklasan at inuri-uri sa bawat panahon.
   b. Mga bato ang ginamit ng tao sa Panahong Paleolitiko.
   c. Naimbento ng tao ang busog at pana sa Panahong Neolitiko.
   d. Natutong magtanim ng butil ng trigo ang tao sa Panahong Neolitiko.
   e. Ginamit ang bronse sa Panahong Metal.

2. Impormasyon tungkol sa panahon – (sumasagot sa tanong na kailan)

   a. Nahahati sa tatlong panahon ang yugto ng pag-unlad ng tao, Panahong Paleolitiko, Panahong Neolitiko at Panahon ng Metal.
   b. Tinatayang nagsimula ang Panahong Paleolitiko dalawang milyong taon na ang nakaraan.
   c. Batay sa kasaysayan, may kaalaman na ang tao, bago pa man sumapit ang 3000 B. C.

3. Impormasyon tungkol sa lugar – (sumasagot sa tanong na saan)

   a. Sa Panahong Paleolitiko, natutong gumuhit ng mga larawan sa kweba ang mga tao.
   b. Isa sa mga lugar na sinasabing pinagmulan ng pagtatanim ang gilid ng Kabundukan ng Zagros sa Iran at Iraq.
   c. Sa Lambak ng Tigris-Euphrates nakapagtanim ang mga sinaunang tao ng uri ng trigo na madaling tumubo dahil mahusay na uri ito.

Matapos mong mapag-aralan ang uri ng tekstong informativ alam kong handa ka na upang tumungo sa susunod na gawain.

## Gamitin

Panuto: Hanapin sa Hanay B. ang tinutukoy sa Hanay A. Gumamit ng sagutang papel sa pagsagot.

| Hanay A | Hanay B. |
|---|---|
| 1. Malaki ang naitulong nito sa urbanisasyon ng Mesopotamia. | a. Trigo |
| 2. Ito ang unang sibilisasyon na matatagpuan sa India. | b. Tigris-Euphrates |
| 3. Ito ang unang sibilisasyon sa bansang Tsina. | c. Harapa-Mohenjo Daro |
| 4. Ito ang unang butil na natutuhan ng sinaunang tao upang itanim. | d. Metal |
| 5. Ang unang butil na itinanim sa lambak na ito ay ang barley at trigo. | e. Shang |

B. Panuto: Isulat ang **T** sa patlang kung ang kaisipan ng pahayag ay totoo batay sa teksto at **M** kung ang kaisipan ay mali. Gumamit ng sagutang papel sa pagsagot.

_____1. Naninirahan ang mga sinaunang tao noong Panahon ng Paleolitiko sa kapatagan.
_____2. Masalimuot at mahirap ang teknolohiya noong Panahong Paleolitiko.
_____3. Sa panahong Neolitiko, nakabuo ang mga tao ng pamayanan.
_____4. Nagsimula ang pagpapalitan ng kalakal noong panahon ng Neolitiko.
_____5. Dahil sa pagkakatuklas sa metal, nagkaroon ng pagkakataon ang mga tao na paunlarin ang kanilang kaalaman.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

## Lagumin

Panuto: Punan ang patlang ng tamang salita na dapat ipuno sa patlang upang mabuo ang diwa ng pahayag. Piliin ito sa loob ng kahon. Gumamit ng sagutang papel sa pagsagot.

Ang tekstong informativ ay nagbibigay ng mahahalagang (1)__________. Sumasagot ito sa mga tanong na (2)_________, (3)__________ at (4)___________. Nagbibigay ito ng mahalaga at (5)__________ na impormasyon.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

## Subukin

Basahin nang tahimik at unawain ang sumusunod na teksto, pagkatapos ay gawin ang hinihingi dito

### Mga Unang Sibilisasyon sa Asya

Kinikilala ang lambak sa pagitan ng mga Ilog Tigris at Ilog Euphrates sa Mesopotamia (ngayon ay Iraq) bilang isa sa mga nagluwal ng unang sibilisasyon sa Asya. Ang Ilog Indus naman (ngayon ay Pakistan) ang nagluwal ng sibilisasyong Harrapa-Mohenjo Daro na nagsilbing isa sa mga saligan ng kabihasnang Indian. Sa Tsina, ang iba't ibang kultura na pinag-isa ng dinastiyang Shang ay lumitaw sa paligid ng mga Yellow River at Ilog Yangtze. Maging sa mga bayan ng timog-silangang Asya, umunlad din ang mga kabihasnan sa tabi ng ilog.

A. Ibigay ang hinihinging impormasyon tungkol sa teksto. Piliin sa loob ng kahon ang salitang dapat ipuno sa patlang.

1. Ang ______ ay bagong pangalan ng Mosopotamia ngayon.
2. Ang unang sibilisasyon sa ______ ay iniluwal sa pagitan ng lambak ng Ilog Tigris at Euphrates.
3. Ang ______ naman na ngayon ay Pakistan ay nagluwal ng sibilisasyon Harappa-Mohenjo Daro na nagsilbing isa sa saligang kabihasnang Indian.
4. Sa ______, ang iba't ibang kultura ay pinag-isa ng dinastiyang Shang.
5. Ang kulturang pinag-isa ng dinastiyang Shang ay lumitaw sa paligid ng ______.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| a. Iran | b. Asya | c. Iraq | d. Ilog Indus | e. Yellow River | f. Tsina |

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Kung ang iskor mo ay 4 -5 huwag mo nang gawin ang susunod na gawain, nangangahulugang naunawaan mo ang aralin. Subalit kung ang iskor mo ay 3-1, gawin mo ang susunod na gawain. Kailangan mo pa ang dagdag na pagsasanay.

## Paunlarin

Basahin at unawain ang teksto pagkatapos ay sagutin ang mga sumusunod na tanong ukol dito.

## Kultura ng mga Mangyan

Natatangi ang mga Mangyan dahil sa patuloy na paggamit nila ng kanilang alpabeto na may hawig sa Sanskrit, ang sinaunang wika ng India. Ginamit nila ito sa pagsulat sa ambalan at urukay, mga uri ng tula. Inuukit nila ito sa kawayan. Hinahangaan din ang mga Mangyan sa pagkilala sa maraming uri ng mga halaman sa kagubatan. Sinasabing matutukoy ng isang Hanunuo Mangyan ang 1,600 uri ng halaman.

Natatangi sa mga Mangyan ang pagsusuot nila ng damit na mula sa mga damu-ong. Karaniwan nang nakasuot ng ba-ag ang mga lalaking Mangyan, ang mga Hanunuo naman ay nakasuot ng balakas o pang-itaas. Samantala nagsusuot naman ng ramit o lambung ang mga babae. Ang mga babaeng Iraya ay nagsusuot din ng sagpan upang takpan ang kanilang dibdib.Gumagamit din sila ng kwintas na tinatawag na kudyasan o panalingnaw o hikaw. Kilala rin ang mga Mangyan sa paggawa ng bayong. Karaniwang disenyo sa kanilang mga bayong ay pakudus o hugis krus.

Hango sa: *Wika at Panitikan sa makabagong henerasyon; Fil. II*
*Diwa Publication*

Panuto: Ibigay ang tinutukoy ng mga sumusunod. Hanapin ito sa loob ng kahon sa dakong ibaba. Letra lamang ng tamang sagot ang isulat.

1. Ito ay karaniwang disenyo ng kanilang mga bayong.
2. Ito ay tawag sa sinusuot na hikaw ng mga Mangyan.
3. Ito ay karaniwang suot ng mga lalaking Mangyan.
4. Ito ang sinaunang wika ng mga India.
5. Ito ay bilang ng halaman na kayang uriin o kilalanin ng Hanunuo Mangyan.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| a. sanskrit | b. kudyasan | c. ba-ag | d. 1,600 | e. pakudus o hugis krus |

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Matapos mong pag-aralan modyul na ito, alam kong handa ka na upang talakayin ang susunod na modyul.

## Sub. Aralin -3:

- Katangian ng teksto
- Layunin ng may akda sa pagsulat ng texto


## Layunin:



- Natutukoy ang posibleng layon ng may-akda sa paglalahad ng kaalaman.

## Alamin

Lahat ng mga bagay dito sa mundo ay may layunin sa pagkakalikha.

Ano kaya sa palagay mo ang layunin ng mga sumusunod na bagay sa pagkakalikha.

a). araw  b). kompyuter  c). telepono 

d). watawat  e). aklat  f). salamin sa mata 

Panuto: Isulat ang **T** sa patlang kung sa palagay mo ang pahayag ay naglalahad ng pinakapangunahing layunin ng pagkakalikha ng mga sumusunod na bagay at **M** kung hindi.. Kumuha ng sagutang papel sa pagsagot.

_____1) **araw**
Nilikha ang araw upang bigyang liwanag ang sansinukob.

_____2) **salamin sa mata**
Ang salamin sa mata ay ginawa upang pangalagaan ang paningin laban sa init ng araw.

_____3) **aklat**
Ginawa ang aklat upang magbigay ng mahahalagang impormasyon at kaalaman sa tao.

_____4) **telepono**
Ginawa ang telepono upang magkaroon ng mapagkakakitaan ang mga tindahan sa pamamagitan ng pagpapabayad ng limang piso tuwing may tatawag.

_____5) **kompyuter**
Ang pangunahing layunin ng pagkakalikha ng kompyuter ay upang mapabilis ang mga gawain tulad ng komunikasyon.

_____6) **watawat**
Ang pangunahing layunin ng pagkakalikha ng watawat ay upang ipaalam sa buong mundo na ang isang bansa ay mayroon nang kalayaan.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Alam kong nakatulong ang pagsasanay na iyong ginawa upang maunawaan mo ang susunod na aralin.

## Linangin

Ang may-akda sa kanyang pagsulat ng teksto ay may mga layunin nais niyang maisakatuparan sa pamamagitan ng pagbibigay niya ng iba't ibang kinalaman at mensahe sa mga mambabasa. Ang mga layuning ito ay maaring magbukas ng isipan, manawagan, magsumamo, umantig ng damdamin, magbigay- kaalaman, magmungkahi atbp.

Mga halimbawa ng mga layunin ng may-akda sa pagbibigay niya ng mga sumusunod ng mga kaalaman.

**A. Mga Dakilang Asyano**

1. Sa kasaysayan ng paggawad ng Gantimpalang Nobel, si Le Dus Tho ang tanging Asyanong tumangging tanggapin ang Gantimpalang Nobel para sa kapayapaan noong 1973 sa kasagsagan ng digmaan sa Vietnam. Naniniwala siya na hindi pa nakakamit ng Vietnam ang tunay na kapayapaan, kinalimutan ni Ginoong Le ang pansariling interes para sa kanyang ipinaglalabang prinsipyo.

   Layunin ng may-akda na patunayan na hindi kayang tumbasan ng kahit anong mamahaling bagay ang prinsipyong isinusulong ng isang tao, ano man ang maging kabayaran nito.

2. Sa kabila ng ipinaglalabang ideolohiya ni Le Dus Tho ng Vietnam kagyat niyang hinarap ang pagkakataong magkaroon ng kapayapaan at isinasantabi na muna ang pansariling interes.

   Nais patunayan ng may-akda na kung tunay ang pagmamahal na inuukol ng isang mamamayan sa kanyang bayan, kabutihan lagi ng nakararami ang lagi niyang pinahahalagahan.

3. Sa pamumuno ni Punong Ministro Eisaku Sato na maisulong ang patakarang nasyonalismo sa kanyang pamumuno, naging hangad ng patakarang panlabas ng kanyang pamahalaan na isulong ang pagkakapatiran ng mga bansa sa Asya at ibaon sa limot ang bangungot ng digmaan.

> Nilalayon ng may-akda na patunayan na mahalagang mabuhay sa kasalukuyan at sikaping magamot ang sugat ng nakaraan na nagdulot ng sakit ng damdamin.

**B. Kultura at Tao**

1. Kahit nakikihalubilo sa mga tagalabas ang mga Mangyan pinangangalagaan pa rin nila ang kanilang kultura.

> Nais patunayan ng may-akda na maaaring makipag-ugnayan ang isang lahi sa iba dahil sa pangangailangan ng panahon subalit dapat pangalagaan at panatilihin ang katutubong kultura.

Sinasabing ang mga Mangyan ay dating tanging naninirahan sa Mindoro. Itinaboy sila paalis sa kabundukan ng mga taong tagalabas. At dahil sa sila’y mapapayapang tao, pinili na lamang nilang umalis kaysa makipag-away kaya’t sila’y napaalis sa lupang sana’y kanila na.

> Layunin ng may-akda sa pagsulat niya ng bahaging ito na ipakita sa mga mambabasa ang kahalagahan ng pakikipaglaban sa karapatan. Sa bahaging ito, kung ipinaglaban lamang ng mga Mangyan ang kanilang karapatan sa paninirahan sa pulo ng Mindoro, tiyak na hindi sila mapaalis dito.

Pinaalis ang mga Mangyan sa kanilang mga lupain dahil sa mga pekeng titulo ng lupa na kagagawan ng mga tagalabas. Nagkautang sila dahil sa mga pekeng kontrata na binabayaran nila sa pamamagitan ng kanilang trabaho.

> Sinulat ng may-akda ang bahaging ito upang patunayan na ang edukasyon ay mahalaga. Marahil kung ang mga Mangyan ay may pinag-aralan hindi sila maaabuso ng mga tagalabas.

Matapos mong pag-aralan ang bahaging ito, alam kong handa ka na para sa susunod na bahagi.

## Gamitin

Balikan nating muli ang tekstong, **"Dr. Jose P. Laurel, Dakilang Asyano,"** pagkatapos ay suriin natin ang mga layunin ng may akda sa pagsulat niya ng iba't ibang kaalamang pakikinabangan ng kanyang mga mambabasa.

Ang mga sumusunod na pahayag ay hango sa tekstong nabanggit.

Panuto: Lagyan ng tsek (√) ang patlang kung ang mga pahayag ay nagsasaad ng tunay na layunin ng may-akda sa pagsulat niya ng mga sumusunod na bahagi ng tekstong nabanggit at ekis (X) kung hindi.

> "Ngunit makatarungan ang panahon. Noong 1948 ay ganap na napahid ang ikinulapol na putik sa pangalan ni Dr. Jose P. Laurel nang bigyan siya ng amnestiya ni Pangulong Manuel A. Roxas. Nawalan ng saysay ang mga usaping iniharap laban sa kanya ng "People's Court" o Hukuman ng Bayan."

______1. Layunin ng may-akda na patunayan na ang mabuti at dakilang tao kailanma'y hindi maigugupo ninuman at kailanman.

.

> "Lubos sa sinumang makabayan ang pagiging kontrobersyal sa paningin ng marami. At si Dr. Jose P. Laurel ay hindi nakaligtas sa kalakarang iyan ng buhay. Naging sentro siya ng kontrobersyal sa ilang dekada ng kanyang panunungkulan sa pamahalaan.

______2. Nais patunayan ng may-akda na ang tao ay higit na naghihirap sa negatibong bagay sa kanyang buhay at ang mga ito ay binibigyan nila ng pagpapahalaga.

> Tulad ng iba pang makabayang mga pinuno ng pamahalaang Pilipino, si Dr. Jose P. Laurel ay kabilang sa nagpasyang magbitiw sa tungkulin at tumakas palabas ng bansa. Ayaw niyang manungkulan sa ilalim ng pamahalaan ng Hapones.

______3. Isinulat ng may-akda ang bahaging ito upang patunayan niya na ang mga Pilipino ay hindi yuyuko sa mga dayuhang mananakop.

> "Nababaliw ka ba?" Parang kulog ang tinig ni Pangulong Manuel Luis Quezon nang malaman ang binabalak ni Dr. Jose P. Laurel. Hindi mo maaaring gawin iyan, Pepito", dugtong pa ni Pang. Quezon. "Ikaw at ang iba pang kasapi ng gabinete ay kailangang manatili sa panunungkulan upang mapangalagaan ang mamamayan laban sa pagmamalabis at paniniil ng mga kaaway."

______4. Isinulat ng may akda ang bahaging ito upang maipakita sa mga mambabasa na may

masusing pag-iisip at matalinong pagpapasya ang Pang. Quezon.

| |
|---|
| Waring nagising sa mahimbing na pagkakatulog si Dr. Jose P. Laurel noon niya napagnilay-nilay na totoo ang sinasabi ng Pangulong Quezon. Kung siya nga naman at iba pang pinunong Pilipino ay mangingibang-bansa o mamumundok, ano ang magiging kalagayan ng mga Pilipino. |

______5. Nais patunayan ng may-akda sa pagsulat ng bahaging ito na ang pagpapaalala ay makapagbubukas ng isipan at nagiging daan upang marating ang wastong pagpapasya.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

## Lagumin

Panuto: Lagyan ng tsek (√) ang patlang kung ang pahayag ay nagbibigay ng wastong layunin ng may-akda sa pagsulat niya ng teksto, at ekis (X) kung ang pahayag ay nagbibigay ng mali o di dapat maging layunin ng may-akda sa pagsulat niya ng teksto. Kumuha ng sagutang papel sa pagsagot.

Ang layunin ng may-akda sa pagsulat niya ng teksto ay maaaring;

______a. magbigay ng mabuting halimbawa sa mga mambabasa
______b. antigin ang damdamin ng mga mambabasa upang maimulat ang kanilang isipan sa kahalagahan ng pakikisangkot sa mahahalagang isyu ng bayan.
______c. patunayan ang kahalagahan ng pakikiisa at pakikipagtulungan sa lahat ng bagay na may kinalaman sa pamayanan
______d. iparating sa lahat na ang bawat isa sa atin ay may pananagutan sa bayan at sa kapwa
______e. ipakita sa mga mambabasa na siya ay matalino at nakahihigit ng katangian sa lahat ng kapwa niya manunulat.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

## Subukin

Balikang muli ang Tekstong **"Pilipino o Lahing Malayo?"** Suriin ang mga sumusunod na bahagi nito upang matukoy ang layunin ng may-akda sa pagsulat nito.

Panuto: Lagyan ng (√) ang bilang ng pahayag kung wasto ang dapat ay maging layunin ng may-akda sa pagsulat at ekix (X) kung sa palagay mo ay mali o di dapat na maging layunin ng may-akda sa pagsulat niya ng teksto. Kumuha ng sagutang papel sa pagsagot.

1. "Maraming atropologo ang salungat sa paniniwalang nagmula sa lahing Malayo ang mga Pilipino. Ayon kay F. Landa Jocano, isang antrologomula sa Unibersidad ng Pilipinas, walang tinatawag na lahing Malayo.

______

| |
|---|
| Layunin ng may-akda na maiwasto ang kasaysayan ng lahing pinagmulan ng mga Pilipino |

2. “Nagsimula ang kaisipan na ang Pilipino ay mula sa mga Malayo noong panahon ng mga Espanyol. Nais ng mga makabayang Pilipino na maihiwalay sila sa mga dayuhan.

_____ Pinatutunayan ng may-akda na ang mga Pilipino kailanman ay hindi papayag na pailalim sa kapangyarihan ng sinumang dayuhang mananakop.

3. “Tinanggihan ng mga Pilipino ang katawagang ikinapit sa kanila ng mga Kastila na “Indio” sapagkat masama ang kahulugan nito.”

_____ Layunin ng may-akda sa pagsulat ng bahaging ito na patunayan sa lahat na ang mga Pilipino ay nagpapahalaga sa kanilang pagkatao at karangalan.

4. Ayon kay Onofre Corpuz, isang mananalaysay at dating ministro ng edukasyon, ang pagkakabuo ng pangkat-etniko ay pinasimulan ng mga mananakop sa Kanluran. Hinati-hati nila ang Asya sa kanilang sakop. Tinawag ng mga Britano na Malayo ang mga naninirahan sa Tangway ng Malayo. Samantalang tinawag namang Indones ng mga Aleman, Olandes at Portuges ang kanilang mga nasasakupan.

_____ Nilalayon ng may-akda na mabigyan ng mahahalagang kaalaman ang mga mambabasa tungkol sa pagkalahi ng ilang mamamayan sa Asya.

5. Ang ano mang pagkakatulad ng kultura ng mga Pilipino at Malayo ay bunga ng maraming taon ng kanilang ugnayan. Dahil dito, maraming makabayang Pilipino ang ayaw tawaging Malayo dahil tanda ito ng pagiging kolonya ng Pilipinas.

_____ Layunin ng may-akda sa pagsulat niya ng bahaging ito na ipakita na ang mga Pilipino ay sadyang may likas na pagpapahalaga sa kalayaan.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Kung ang iskor mo ay apat hanggang lima, huwag mo nang gawin ang susunod na pagsasanay, nangangahulugang nauunawaan mo ang aralin. Subalit kung ang iskor mo ay tatlo pababa, gawin mo ang susunod na bahagi, ibig sabihin kailangan mo ang dagdag na pagsasanay.

## Paunlarin

Panuto: Basahin ang sumusunod na teksto at pagkatapos ay itsek (√) ang bilang ng pahayag na naglalahad ng layunin ng may-akda sa pagsulat nito.

### Mao Zedong – Dakilang Asyano

Palaisipan para sa maraming taga-ibang bansa ang parang kultong pagdakila ng mga Tsino kay Mao. Para sa maraming taga-Kanluran, isa siyang masamang pinuno at diktador na maihahanay kina Joseph Stalin ng Rusya , Saddam Hussein ng Iraq at Slodovan Melosevic ng Yugoslavia. Naniniwala rin sila na si Mao ang dahilan ng pagkamatay ng milyun-milyong Tsino noong panahon ng kanyang panunungkulan.

Sa kabila ng maraming paratang sa paglabag sa karapatang pantao, anong animo'y gayuma ang naiwan ni Mao sa mga Tsino upang sila ay sambahin ng mga ito? Bakit?

Ngunit para sa maraming Tsino (lalo na sa mahihirap na magbubukid), isang bayani at mabuting pinuno si Mao. Kung tatanungin marahil ang mga Tsino ngayon kung pinabuti ba ni Mao ang kalagayang panlipunan ng Tsina, malamang na ang isasagot ng nakararami ay, "oo!" Naniniwala silang sinikap ni Mao na itaguyod ang kanilang karapatan. Anila'y binigyan sila ni Mao ng kapangyarihan at seguridad sa lipunan.Ipinagtanggol din niya anila ang karapatan ng mga naaapi.

Maraming Tsino ang muling nakaranas ng kahirapan at kawalang-katarungan tulad ng nangyaring massacre sa Tianamen Square noong dekada '80. Naniniwala ang maraming Tsino na kung buhay si Mao hindi niya pahihintulutan ang maraming kaso ng paglabag sa karapatang pantao at malawakang katiwaliang nagaganap ngayon sa Tsina.

Ang Layunin ng may-akda sa pagsulat ng takstо ay upang:

______1. patunayan na ang mabuting pinuno ay hindi malilimot ng sambayanan.
______2. maipaalam sa mga mambabasa ang mga nagging pinuno ng iba't ibang bansa sa mundo.
______3. maipabatid sa mundo na kahit komunistang pinuno si Mao Zedong ay malaki ang nagawa niya upang mapaunlad ang buhay ng mga Tsino.
_____4. matukoy ang kahalagahan ng paggalang sa karapatang-pantao
______5. sabihin sa lahat na kapag patay na ang isang tao dapat na ring ilibing sa limot ang kanyang alaala.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Matapos mong pag-aralan ang araling ito, alam kong handa ka na upang tumungo sa susunod na aralin.

Sub – Aralin 3 – A Pagsulat

## Layunin:

- Nakasusulat ng isang magandang simula
- Natutukoy ang mga katangian ng isang magandang simula


## Alamin

Ang simula ay isang mahalagang bahagi ng akda. Dito pa lamang ay masasabi mo na kung ang akda ay may kabuluhan o wala. Hinihikayat nito ang mga mambabasa na ipagpatuloy ang pagbabasa.

Upang masabing maganda ang isang simula, dapat itong maging kaakit-akit at kawili-wili. Nararapat na mapukaw nito ang kawilihan ng mga mambabasa.

## Linangin

Ang isang magandang simula ay nagtataglay ng mga sumusunod na katangian.




Basahin nang tahimik at unawain ang sumusunod na simula ng maikling kwentong, **" Impong Sela, "**

*" Noon ay mataimtim na minalas ni Impong Sela ang kanyang lalabing-animing taong apong lalaki sa kanyang pagkakahigang walang katinag-tinag. Sa ilalim ng maputing kumot, ang kanyang apong nakatihaya ay matuwid na matuwid na katulad ng isang bangkay at walang kakilus- kilos, maliban marahil, sa minsan- minsang pagkibot ng kanyang labing nanunuyo at halos kasimputla ng isperma. Maya-maya'y marahang dinama ng kanyang palad ang noo ng nahihimlay na maysakit. Sa gayong pagkakadantay,*

*ang nakahiga ay napakislot na animo'y biglang nagulat ngunit hindi rin nabalino ang kanyang pagkakahimbing."*

A. Suriin ang simula ng maikling kwentong, " Impong Sela ". Tingnan kung taglay nito ang mga katangiang binanggit tungkol sa isang magandang wakas at pagkatapos ay sagutin ang mga sumusunod na tanong.

Panuto: Piliin ang titik ng wastong sagot. Kumuha ng sagutang papel.

1. Batay sa simula, ano sa palagay mo ang paksa ng maikling kwentong, " Impong Sela " ?
   a. Sobrang pagmamahal ng lola sa apo. c. Pagkakasakit ng apo
   b. Pagbabantay ng lola sa apo. d. Paglubha ng karamdaman ng apo
2. Alin sa mga sumusunod ang nais mong matuklasan matapos mong basahin ang simula ng akda?
   a. uri ng akda c. pangalan ng apo
   b. dahilan ng pagkakasakit ng apo d. kailan nagakasaki ang apo
3. Alin sa mga sumusunod ang magpapatunay na mahal na mahal ng lola ang apo?
   a. Maya- maya'y marahang dinama ng kanyang palad ang noo ng nahihimlay na maysakit
   b. Sa kanyang pagkakadantay, ang nakahiga ay napakislot na animo'y biglang nagulat.
   c. Noon ay mataimtim na minalas ni Impong Selo ang lalabing-animing taong apong lalaki sa kanyang pagkakahiga.
   d. Sa gayong pagkakahimlay, hindi siya nabalino sa pagkakahimbing.
4. Alin sa mga sumusunod ang naglarawan ng pagiging malubha ng apo?
   a. ang kanyang mga labi ay nanunuyo na kasimputla ng isperma
   b. tulog na tulog
   c. hindi kumikilos ng pagkakahiga
   d. nakakumot ng puti
5. Batay sa simula ng kwento, ano ang mahihinuha mong sanhi ng pagkakasakit nang malubha ng apo?
   a. Hindi naipagamot. c. Nakakain nang bawal.
   b. Maling gamot ang naibigay. d. Walang makain.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi ng Pagwawasto na nasa iyong guro.

## C. Gamitin

Basahin nang tahimik at unawain ang sumusunod na simula ng akdang**, " May Buhay sa Looban"** at pagkatapos ay sagutin ang mga tanong ukol dito.

*Ibinaluktot ni Popoy ang isa niyang tuhod at inilapat ang ilalim ng kanyang bakya na puno ng niyog. Nakakunot ang kanyang noo: namumuhi siya sa kanyang paghihintay ng trak na hahakot sa kanilang mga kasangkapang pambahay. Binali niya ang kanyang daliri nang maayon sa mga hugpong at narinig ang mga lagutok.....isa.....dalawa.....tatlo.....apat...nakalikha siya ng labintatlong lagutok. Ngayon ay ikalabintatlo na ng Agosto, ang gulang niya ay labintatlo at labintatlo ang lagutok. Ang labintatlo ay masamang bilang , ayon sa kanyang impo at inakala niyang may kinalaman*

*ang bilang na labintatlo sa pasiya ng kanyang tatay, kanina na maghakot na sila ngayong hapon upang lumipat sa Dampalit.*

Panuto: Piliin ang letra ng tamang sagot.

1. Ano sa palagay mo ang paksa ng maikling kwentong ito?
   a. Wala sa ganda o kapangitan ng buhay ang kaligayahan, ito'y nasa pusong nagmamahal.
   b. Ang paglipat ng bahay ay nagbabadya ng kalungkutan.
   c. Ang pamahiin ay bahagi ng kulturang Pilipino.
   d. Lahat ng nabanggit.
2. Batay sa simula, ang pangunahing tauhan ay;
   a. may pang-akit sa babae
   b. nagmamahal nang labis sa lugar na sinilangan
   c. mayabang at ugaling maton
   d. mahilig sa away
3. Ipinakikita ng simula na ang suliranin sa kwento ay ang:
   a. Masamang pagtingin ng ama ng pangunahing tauhan sa kanyang lugar na kinalakhan.
   b. Pag-ayaw ng pangunahing tauhang lumipat ng bahay.
   c. Pagnanais ng pangunahing tauhang maging hari ng kanilang lugar.
   d. Lahat ng nabanggit.
4. Batay sa kalungkutang ipinakita ng pangunahing tauhan sa simula ng kwento, mahihinuha na ang naging wakas ng kwento ay ang;
   a. hindi tumulong sa paghahakot ng gamit ang mga kaibigan ng pangunahing tauhan
   b. walang tunay na kaibigan ang pangunahing tauhan
   c. pagbabale-wala ng mga kaibigan ng pangunahing tauhan sa kanilang paglipat
   d. pagkakatuloy ng paglipat ng mag-anak ng pangunahing tauhan sa ibang lugar
5. Ipinakilala sa simula pa lamang ng kwento na ang pangunahing tauhan ay;
   a. marunong nang magpahalaga sa mga bagay-bagay sa kanyang paligid
   b. tulad din ng karaniwang bata na dumaranas na ng iba't ibang damdamin
   c. tunay na bata pa nga kaya't hindi maunawaan ang magulang
   d. lahat ng nabanggit

## Lagumin

Panuto: Punan ang patlang ng wastong sagot. Kunin ito mula sa loob ng kahon sa dakong ibaba.

1. Ang isang magandang simula ay dapat na maging _____ sa mga mambabasa upang ipagpatuloy ang pagbabasa.

2-3 Ang simula dapat nang makalikha sa mga mambabasa ng _____ nito at ang _____ tauhan nito.

4. Dapat na mahiwatigan agad ng mambabasa ang namumuong _____ na kakaharapin ng tauhan.
5. Ang simula at wakas ng akda ay dapat na _____.

| |
|---|
| nagkaugnay, suliranin, paksa, pangunahing tauhan, kaakit-akit |

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi ng Pagwawasto na nasa iyong guro.

## Subukin

Angkupan mo ng simula ang wakas ng maikling kwentong **" Kamag-anak . "**

Sa pagsulat ng simula dapat na bigyang halaga ang; paksa , pangunahing tauhan , suliranin, kaugnayan sa wakas at ang pagiging kakit-akit nito upang makuha ang interes ng mga mambabasa.

*" Malayo na ako, Kikoy, " at nilingon ang kanyang pamangkin. Sa kaibuturan ng puso ni Tandang Cela ay nababatid niyang sa paglabas ng bakurang yaon, gaya ng namatay na Tata Gusting ay hindi na sila muling magkikita ng mag-asawang Kikoy at Binay. Datapwa't hindi siya nagpahiwatig ng ano mang damdamin.*

*"Adyos, Nana Cela," bahagya nang umabot sa matandang paalis ang sagot ni Frankie.*

______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________

Iwasto mo ang iyong sagot. Kung ang iniangkop mong simula ay katulad ng simula sa Susi sa Pagwawasto, bigyan mo ng limang puntos ang ginawa bilang iskor mo. Kung limang puntos ang naging iskor mo, huwag mo ng gawin ang susunod na gawain. Ibig sabihin ay nauunawaan mo ang aralin.

Subalit kung ang iskor mo ay tatlong puntos pababa, gawin mo ang susunod na gawain. Kailangan mo pa ng karagdagang pagsasanay

## Paunlarin

Bigyan mo ng angkop na simula ang sumusunod na wakas ng maikling kuwentong, **"Maraming Dolyar sa Saudi, Inay."**

*Wala sa sariling tumindig ang ina. Ngayon, naramdaman niya na umaagos ang kanyang luha. At sa nanlalabo niyang paningin, nagkahugis ang kaanyuan ng isang kabaong, isinusulong ng mga lalaki palabas sa gate na iyon. Iyon ang kabaong ng kanyang anak na si Liza na nagpaalipin sa ibang bayan, matubos lamang ang ina sa pagiging alipin sa sariling bayan…"*

______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________

Iwasto mo ang iyong sagot sa pamamagitan ng paghahambing nito sa <u>simula</u> na nasa Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Alam kong naunawaan mo ang araling ito kaya handa ka na upang dumako sa susunod na aralin.

## Sub-aralin 3-B. Pagsulat ng makabuluhang wakas

### Layunin:


- Nakasusulat ng makabuluhang wakas

### Alamin

Gaya rin naman ng simula, ang haba ng wakas ay dapat ibigay sa haba ng katha. Ang wakas ay maaaring isang pangungusap o isa lamang " pakiramdam sa pagsapit sa katapusan ng akda" na lilikha ng mga panghuling salita o talataan o isang kabanata.

### Linangin

Ang isang makabuluhang wakas ay nagtataglay ng mga sumusunod na katangian.




Panuto: Basahin nang tahimik ang wakas ng maikling kwentong **" Impong Sela "** at pagkatapos ay sagutin ang mga tanong ukol dito.

*" kataka-taka o hindi katak-taka , ang mga luha ni Impong Sela ay nagpatuloy nang pagdaloy hanggang ang mga luntiang damo, sa ibabaw ng puntod ng pinakamamahal niyang apo, ay halos isang dangkal na ang angat sa lupa."*

1. Nalaman kaagad ng mga mambabasa ang nangyari sa kabuuan ng kwento sapagkat
   a. tinukoy agad ito sa kwento nang deretsahan c. hinulaan lamang
   b. hindi naging maligoy ang wakas d. lahat ng nabanggit
2. Lagyan ng ( √ ) tsek ang angkop na pahayag batay sa wakas.
   a. Mahal na mahal nang labis ng lola ang apo.
   b. Labis ang pag-iyak ng lola dahil kasalanan niya ang pagkamatay nito.

c. Walang kapantay ang pagmamahal ng lola sa apo kaya't kahit sa kamatayan ay binabantayan niya ito.
d. Lahat ng nabanggit.

3. Mababakas sa wakas ng kwento ang labis na pagmamahal ng lola sa apo ay
   a. nagdala sa apo sa kamatayan
   b. naging dahilan kung bakit ito naging spoiled
   c. nagdala sa kanya ng sobrang dalamhati sa pagkamatay nito
   d. lahat ng nabanggit
4. Batay sa wakas ng kwento, alin kaya sa mga sumusunod ang sa palagay mo ay naging simula?
   a. Malusog na malusog ang apo.
   b. Alalang-alala ang lola sa pagbabantay ng apong malubha.
   c. Sinisisi ng lola ang mga magulang ng apo dahil nagkasakit ito nang malubha.
   d. Nakaratay na sa sakit ang apo.
5. Batay sa <u>wakas</u> ng kwento, anong kakintalan ang naiwan sa iyo?
   a. Walang pangalawa sa kadakilaan ang pagmamahal ng lola sa kanyang apo.
   b. Lumalaking "spoiled" ang mga apo sa labis na pagappalayaw ng kanilang mga nuno.
   c. Higit na mahal ng mga nuno ang kanilang mga apo kaysa kanilang anak.
   d. Lahat ng nabanggit.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi ng Pagwawasto na nasa iyong guro.

## Gamitin

Panuto: Basahin at unawain ang wakas ng maikling kwentong **" May Buhay sa Looban"** at pagkatapos ay sagutin ang mga sumusunod na tanong.

*" Lumakad na ang trak at unti-unti ang nawala sa likuran ang kanyang kapwa bata. Ngunit natatak sa kanyang balintataw ang nalulungkot na anyo ng mga mukha nila at ang mga kamay na ikinakaway, naramdaman ni Popoy sa kanyang pisngi ang pag-agos ng maiinit na butil ng luha at nalasap ng kanyang bibig. Kauna-unahang pagkakataon sapol nang mamulat siya sa kahalagahan ng kanyang sarili, ay noon lamang siya napaiyak. Hindi niya madalumat kung paano makikilala ng luha ang walang gulat na "hari ng looban."*

1. Batay sa binasa mong wakas, ano kaya ang paksa ng maikling kwentong ito?
   a. Nakikita sa kinalakhang lugar ang ugali ng isang tao.
   b. Napakahirap iwan ang mga tao at lugar na naging bahagi na ng iyong buhay.
   c. Ang kaligayahan ay maaaring matagpuan sa dahop na lugar.
   d. Lahat ng nabanggit.
2. Kung pagbabatayan ang wakas ng kwento, mahihinuha na ang pangunahing tauhan ay
   a. mahal na mahal ang lugar na aalisin niya.
   b. maton sa lugar nila.
   c. kinatatakutan sa lugar nila.
   d. lahat ng nabanggit.
3. Ipinakita sa wakas ng kwento na ang naging suliranin ay ang _________.
   a. ayaw na ayaw ng ama ang kanilang tinitirhang lugar
   b. kinayan-kayanan ng pangunahing tauhan ang kanyang kalaro

c. pag-ayaw ng pangunahing tauhang iwan ang looban
d. lahat ng nabanggit

4. Batay sa paglikha ng pangunahing tauhan sa kwento, masasabi na sa simula pa lamang ng kwento ay ipinadama na niya ang ________.
   a. galit sa ama
   b. matinding kalungkutan sa pag-alis sa kanilang lugar
   c. paghahari niya sa looban
   d. lahat ng nabanggit
5. Kung pagbabatayan ang wakas ng kwento, ang pangunahing tauhan ay ________.
   a. maton sa kanilang lugar
   b. may matinding sama ng loob sa ama
   c. nagmamahal ng labis sa kanyang kinalakhang lugar at sa kanyang mga kababatang kasabay niyang lumaki.
   e. lahat ng nabanggit

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

## Lagumin

Panuto: Lagyan ng tsek (√) ang pahayag na tumutugon sa katangian ng isang makabuluhang wakas.

**Ang isang makabuluhang wakas ay dapat na;**
1. hindi dapat maligoy
2. dapat na mag-iwan ng iisang kakintalan
3. dapat na kaugnay ng simula
4. mag-iwan ng kaisipan sa mga mambabasa
5. dapat na nangangaral

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

## Subukin

Angkupan ng makabuluhang wakas ang maikling kwentong, **"Luad"** ni Gloria V. Guzman.

*"Ang luad ay matigas, lubha pa't kung tag-araw, ngunit napalalambot ng ulan. . . ganyan din ang kalooban ng isang anak.*

*Pumanaog si Mang Victor, tinungo ni Rosauro ang kanyang silid at nagbalot ng kanyang damit.*

*Naglakad-lakad si Mang Victor sa kanilang bakuran upang mapawi ang nagpupuyos niyang damdamin sa anak na lalaki".*

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

Ihambing mo at iwasto ang iyong sagot sa Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro. Kung pareho ng kaisipan ang isinulat mo at ng nasa Susi sa Pagwawasto, bigyan mo ng 5 puntos ang iyong sarili bilang iskor, kung hindi naman, lagyan mo ng 3 puntos ang iyong sarili.

Kung 4-5 puntos ang iskor mo huwag mo nang gawin ang susunod na gawain. Nangangahulugang naunawaan mo ang aralin. Kung 3 pababa gawin mo ang susunod na gawain, ibig sabihin kailangan mo pa ng karagdagang gawain.

## Paunlarin

Narito ang simula ng akdang "Walong Taong Gulang", angkupan mo ito ng makabuluhang wakas.

*"Ang batang iyon, higit sa lahat, ang nakatawag ng aking pansin, hindi sa una pa lamang malas kundi sa tinagal-tagal ng aming panahong ipinagkakilala. Sa loob ng may dalawang linggo, ang batang yao'y isa lamang sa animnapung batang aking kinakausap, tinatanong, sinasagot, pinangangaralan, inaalo. Siya'y isa sa animnapung nangakilala ko sa ayos ng mukha lamang,"*

Iwasto mo ang iyong sagot. Ihambing mo ito sa Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Kung ang kaisipan ng wakas na ginawa mo ay tulad ng wakas na nasa Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro, gawin mong 5 puntos ang iskor mo. Kung hindi naman ay gawin mo lamang 4 na puntos ang iskor mo.

## *Gaano ka na kahusay?*

### A. 1. Pangungusap na Nagpapahayag ng Alternativ na solusyon.

Panuto: Lagyan ng tsek (√) ang bilang na nagbibigay ng alternativ na solusyon.

_____ a. Ganito ang dapat gawin upang manatili sa isip ng bawat Asyano ang kadakilaan ng kanilang kababayan; ang ipagdiwang ang araw ng kanilang kapanganakan at gunitain ang

araw ng kanilang kamatayan.

______ b. Makatutulong nang malaki upang maparangalan ng buong sambayanan ang mga bayaning Pilipino kung tatalakayin sa telebisyon, radyo at sa paaralan ang kanilang kabayanihan at kadakilaan.

______ c. Kailangang ipagdiwang ng mga mamamayang Pilipino ang kapanganakan ni Rizal at makabubuting gunitain sa tuwi-tuwina ang kanyang kamatayan.

______ d. Higit na mainam kung ilalathala sa malaganap na babasahin ang mga panitikang isinulat ni Rizal at makabubuting gunitain sa tuwi-tuwina ang kanyang kamatayan.

______ e. Ang mga Pilipino ay halimbawa ng Asyano na nagpupugay sa kanilang mga bayani.

A. 2.

Panuto: Piliin sa mga pahayag sa dakong itaas ang mga salitang ginamit sa pagbibigay ng alternativ na solusyon.

a. __________________
b. __________________
c. __________________
d. __________________
e. __________________

**B. Pagtukoy sa Pabuod at Pasaklaw na Pangungusap.**

Panuto: Ikulong sa kahon □ ang bilang ng pasaklaw na pahayag at bilugan ○ ang bilang ng pabuod na pahayag.

1. Maraming Asyano ang likas na rebelde sa kanilang pamahalaan.
2. Madalas ang mga rebeldeng Asyano ang nagiging pinuno ng kanilang bansa.
3. Ang Asya ay pinakamalaking kontinente.
4. Ang Pilipinas ay isang bansang Asyano.
5. Maraming dakilang Asyano ang kinikilala sa mundo. Isa na rito si Dr. Jose Rizal.

**C. Pagtukoy sa tekstong argumentativ**

Panuto: Lagyan ng tsek (√) ang pahayag na argumentativ.

1. Kamay na bakal ang kailangang ibigay ng pamahalaang Asyano sa mga rebelde.
2. Ang pagpapalit ng sistema ng pamahalaan mula sa presidensyal patungong parliamento ay makasasama sa bansa.
3. Sinasabing ang sistema ng parliamento ay mas mahusay kung ihahambing sa panguluhan.
4. Ang pagpapalit ng sistema ng pamahalaan ay maaari lamang makasira at makagulo.
5. Sa halip na baguhin ang sistema ng pamahalaan pagsikapan na lamang na pagbutihin ito.

**C. 2. Pagtukoy sa tekstong informativ.**

Panuto: Lagyan ng tsek (√) ang bilang ng pahayag na informativ.

1. Si Carlos P. Romulo na isang dakilang Asyano ay mula sa Pilipinas.
2. Siya ang kauna-unahang Asyano na tumanggap ng "Pulitzer Award in Journalism" noong 1942 na pawang Amerikano lamang ang tumatanggap.
3. Si Carlos P. Romulo ang pangulo ng ikaapat na Pangkalahatang Asemblea ng United Nations noong 1949.

4. Pinagkalooban ng pamahalaang Estados Unidos si Carlos P. Romulo ng Presidential Medal of Feedom.
5. Karapat-dapat bang parangalan at ilibing sa libingan ng mga bayani si Carlos P. Romulo?

**Talasalitaan**

1. Paglikha ng Bagong Salita Mula sa Dalawang Pinaikli at Pinagsama.

Panuto: Lagyan ng tsek (√) ang bilang ng pahayag kung ito'y nagpapahayag ng wastong impormasyon at ekis kung hindi.

_____ a. Ang salitang <u>Tsinoy</u> ay mula sa mga salitang "Tsino" at "Pilipino."
_____ b. Mula sa salitang <u>Amerikano at Asyano</u> ang salitang "Amerisians."
_____ c. Ang salitang <u>punlay</u> na isang terminong agham ay pinagsamang salitang "punla" at "buhay."
_____ d. Ang salitang <u>siyasik</u> na ginagamit sa larangan ng agham ay mula sa mga salitang "siyasat" at "saliksik."
_____ e. Ang terminong Pilipinong <u>sitsit</u> ay mula sa mga salitang "sagitsit" at "sirit".

**2. Pagbibigay-kahulugan sa mga piling pahayag / parirala.**

Panuto: Isulat ang **Tama** kung ang ipinahahayag na kaisipan ay <u>tama</u> at **Mali** kung ang kaisipan ay <u>mali</u>.

_____ a. Kahit diktador, may bighani pa rin sa puso ng mga Tsino si Mao Zedong. Nangangahulugang mahal pa rin ng mga Tsino si Mao.
_____ b. Sa pamamahala sa Pilipinas, kamay na bakal ang ginamit ng Pangulong Marcos. Nangangahulugang napakahigpit ng pamamahalang ginawa ng Pangulong Marcos.
_____ c. Dapat na magulang lamang ang may boses sa pamamahala sa mga tahanang Pilipino. Kaya ang magulang lamang ang may kapangyarihan.
_____ d. Labis na pinalalayaw ng mga magulang na Tsino ang mga anak nila kaya't ang mga ito'y tinaguriang munting emperador dahil maliit pa lamang sila ay namamahala na sila ng bansa.
_____ e. Maraming matinik na landas ang tinahak ng ating mga bayani. Napakahirap ng kanilang pinagdaanang hirap.

**3. Layon ng May-akda**

Panuto: Lagyan ng tsek (√) ang layon ng may-akda sa pagsulat ng teksto.

1. Sa pagsulat ng akda, maaaring maging layunin ng may-akda ay;

_____ a. antigin ang damdamin ng mga bumabasa
_____ b. manumbat sa ilang nakalilimot sa kanilang tungkulin
_____ c. magpahatid ng mensahe
_____ d. manawagan sa lahat
_____ e. makiusap sa tao na maging mapanuri sa mga nangyayari.

## Pagsulat

Panuto: Lagyan ng tsek (√) ang pahayag na nagsasaad ng mga katangiang dapat taglayin ng isang magandang simula at makabuluhang wakas.

______ 1. Ang wakas ay dapat na mag-iwan ng iisang kakintalan sa isip ng mga mambabasa.
______ 2. Ang wakas ay di dapat na maligoy
______ 3. Sa simula pa lamang ay dapat naipakilala agad ang pangunahing tauhan.
______ 4. Sa simula pa lamang ay dapat na maipakita na agad ang wakas.
______ 5. Dapat na makuha ng simula ang interes ng mga mambabasa.